# ANG MGA BERDENG PAHINA

Nasa mga Berdeng Pahina ang impormasyon sa mga gamot na nabanggit sa librong ito. Para sa pangkalahatang impormasyon sa mga gamot, at bago magbigay, tiyaking mabasa muna ang kabanatang "Gamit ng mga Gamot sa Kalusugan ng Kababaihan" na nagsisimula sa pahina 468. Para sa partikular na impormasyon sa bawat gamot, tingnan dito sa mga Berdeng Pahina. Nakalista ang mga gamot ayon sa *generic* (siyentipiko) na pangalan, pareho sa ginamit sa mga kabanata. Naka-areglo ang mga pangalan ayon sa Inggles na alpabeto:

**a b c d e f g h i j k l m n o p q r s t u v w x y z**

Halimbawa, kung hinahanap mo ang **h**ydroxyzine, nakalista ito pagkatapos ng **d**oxycycline pero bago ang **m**etronidazole.

Makakahanap ka rin ng medisina sa mga Berdeng Pahina sa pamamagitan ng:

- **index ng mga problema** sa pahina 486. Nililista ng index na ito ang mga problema sa kalusugan na natalakay sa librong ito at ang mga gamot na panlunas. Nasa index ang pahina kung saan makikita ang impormasyon tungkol sa problema. Tiyakin na magbasa muna tungkol sa problema bago ito lunasan ng gamot. Tandaan: hindi lang sa mga gamot nakasalalay ang mabuting kalusugan! Mahusay na impormasyon sa kalusugan ang pinakamahalagang 'gamot' para sa mabuting kalusugan.
- **index ng mga gamot** sa pahina 487. Nililista ng index na ito ang mga generic na pangalan ng mga gamot. Kung may gamot na nais gamitin, hanapin dito para makita kung saang pahina may dagdag na impormasyon tungkol sa gamot.

Parehong nakaareglo ayon sa Inggles na alpabeto ang index ng mga problema at gamot.

## *Nasa kahon na tulad nito ang impormasyon sa bawat gamot:*

Malaki at mataba ang letra ng generic na pangalan:

May ilang tatak o brand name na nakapahilis ang letra:

Makikita ang mga larawang ito kasama ang salitang MAG-INGAT kapag kailangan ng babaeng buntis o nagpapasuso ng ispesyal na pag-iingat. Kung **hindi** dapat gamitin ang gamot ng buntis o nagpapasusong babae, may **ekis** ang mga larawan.

Narito ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa gamot:

Ang natitirang bahagi ng kahon ay nagbibigay ng ibang mahalagang impormasyon tungkol sa ligtas na paggamit ng gamot.

**podophyllin, podophyllum** *(Condylox, Podofilm, Podowart)*

Isa itong likido na nilalagay direkta sa kulugo sa ari para paliitin o paimpisin.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | Likido: 10%–25% | **Babala** | Huwag gamitin sa dumudugong kulugo, birthmark, nunal, kulugo na may buhok, o sa bibig. Kung mairita nang matindi ang balat, huwag na gamitin ulit. |
| **Gaano karami at kailan?** | Ipahid ang likido sa kulugo gamit ang bulak o malinis na tela na binilot para may maliit na dulo. Pagkalipas ng 4 na oras, maingat na hugasan ng sabon at tubig para maalis. Gamitin minsan bawat linggo sa loob ng 4 na linggo. | **Impor-masyon na dapat malaman** | Malakas maka-irita ng normal na balat ang podophyllin. Kaunti lang ang ipahid (0.5 ml o mas kaunti pa) sa bawat paggamit. Protektahan ang balat sa palibot ng kulugo ng petroleum gel bago magpahid. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Huwag gumamit kung buntis o nagpapasuso | **Palatan-daan ng sobrang paggamit** | Pagkaduwal, pagsusuka, masakit na tiyan, pagtatae. Kung masobrahan, puwedeng magdulot ng pagnipis, pagkapunit at pagdugo sa balat. |
| **Side effects** | Maaaring magdulot ng matinding iritasyon sa balat. | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Kulugo sa ari**: trichloracetic acid, bichloracetic acid |

## INDEX NG MGA PROBLEMA

Listahan ito ng mga problema sa kalusugan sa librong ito na nalulunasan ng gamot. Sa kaliwang hanay, nakaayos ang mga problema ayon sa Inggles na alpabeto. Nasa gitna kung saang pahina makakabasa ng tungkol sa problema bago gumamit ng gamot. Nasa kanang hanay ang mga gamot na maaaring gamitin para sa problemang nasa kaliwa. Para madagdagan ang kaalaman sa gamot, tingnan sa mga tsart ng medisina mula pahina 490.


| Problema | Nasa pahina | Tingnan ang mga gamot |
|---|---|---|
| chancroid | 271 | azithromycin, ceftriaxone, ciprofloxacin, erythromycin |
| chlamydia | 265-268 | amoxicillin, azithromycin, doxycycline, erythromycin, tetracycline |
| discharge (lumalabas) sa puwerta | *(tingnan sa Kabanata 16)* | |
| nasa panganib na magka-INP (impeksyon na naihahawa sa pagtatalik) | 265–266 | azithromycin, amoxicillin, cefixime, ceftriaxone, ciprofloxacin, clindamycin, doxycycline, erythromycin, metronidazole, tetracycline, tinidazole |
| wala sa panganib na magka-INP | 265–266 | clindamycin, clotrimazole, Gentian Violet, metronidazole, miconazole, nystatin |
| eclampsia, kombulsyon | 87 | magnesium sulfate, diazepam |
| fungal na impeksyon | | |
| balat | 300 | Gentian violet, ketoconazole, nystatin |
| bibig (thrush) | 117, 305 | Gentian violet, ketoconazole, nystatin |
| puwerta | 264-266, 277 | Gentian Violet, clotrimazole, miconazole, nystatin, suka (vinegar), ketoconazole |
| thrush sa esophagus | 305 | fluconozole |
| gonorrhea (tulo) | 264–266, 277 | cefixime, ceftriaxone, ciprofloxacin, cotrimoxazole, doxycycline, kanamycin, metronidazole, norfloxacin |
| herpes sore (pagsusugat) | 272–273, 301 | acyclovir, Gentian Violet |
| impeksyon (pag-iwas) | | |
| deinfibulation | 465 | doxycycline, erythromycin |
| para sa pagpapalaglag | 249 | doxycycline, erythromycin |
| para sa taong may HIV | 296 | cotrimoxazole |
| impeksyon (paglunas) | | |
| balat | 306-307, 539 | ampicillin, dicloxicillin, erythromycin, penicillin |
| bato (kidney) | 368 | cefixime, ceftriaxone, ciprofloxacin, cotrimoxazole, gentamicin |
| matapos ang pagputol sa ari | 461-462 | cephalexin, dicloxacillin, erythromycin, tetanus toxoid na bakuna |
| matapos magpalaglag | 255-257 | ampicillin, ceftriaxone, ciprofloxacin, clindamycin, doxycycline, gentamicin, metronidazole, tetanus toxoid na bakuna |
| matapos manganak | 97, 465 | amoxicillin, ampicillin, clindamycin, erythromycin, gentamicin, metronidazole |
| pantog (bladder) | 368 | cotrimoxazole, nitrofurantoin |
| suso | 116-117 | dicloxacillin, erythromycin |

| Problema | Nasa pahina | Tingnan ang mga gamot |
|---|---|---|
| kombulsyon habang buntis | 87 | diazepam, magnesium sulfate |
| kulugo sa ari | 269 | podophyllin, trichloroacetic acid |
| lagnat | 297 | aspirin, paracetamol, ibuprofen |
| habang nagle-labor | 86 | ampicillin, procaine penicillin |
| matapos magpalaglag | 255-257 | ampicillin, ceftriaxone, ciprofloxacin, clindamycin, doxycycline, gentamicin, metronidazole |
| matapos manganak | 97 | ampicillin, clindamycin, gentamycin, metronidazole |
| mata ng bagong panganak | 83 | erythromycin eye ointment, tetracycline eye ointment, chloramphenicol eye ointment |
| matris, impeksyon | 97, 264-266, 272–273, 277 | amoxicillin, chloramphenicol, ciprofloxacin, doxycycline, gentamicin, metronidazole, norfloxacin, penicillin, procaine penicillin |
| naduduwal (nausea) | 302 | promethazine |
| pagdurugo mula sa puwerta | | |
| bandang menopause | 129 | medroxyprogesterone |
| matapos magpalaglag | 251-253 | ergometrine, misoprostol |
| matapos manganak | 92-93 | ergometrine, oxytocin, misoprostol |
| pagtatae (diarrhea) | 296–299 | cotrimoxazole, metronidazole, norfloxacin |
| pananakit | | |
| mahina hanggang katamtaman | 482 | aspirin, paracetamol, ibuprofen |
| matindi | 482 | codeine |
| pang-emerhensyang kontrasepsyon | 226, 245, 522–523 | low-dose na kontraseptibong pildoras, pang-emerhensyang pildoras, mifepristone |
| pangangati ng | | |
| ari | *(tingnan sa discharge mula sa puwerta)* | |
| balat | 301 | diphenhydramine, hydrocortisone, hydroxyzine |
| pelvic inflammatory disease (PID) | 274-275 | cefixime, ceftriaxone, ciprofloxacin, doxycycline, metronidazole, spectinomycin, tetracycline |
| pulmonya sa mga taong may AIDS | 304 | cotrimoxazole |
| rayuma (arthritis) | 133 | aspirin, ibuprofen |
| pagsusugat na may impeksyon | 306–307 | dicloxacillin, erythromycin, gentian violet, penicillin, potassium permanganate |
| sa ari | 270–273 | azithromycin, benzathine penicillin, ceftriaxone, ciprofloxacin, doxycycline, erythromycin, tetracycline |
| syphilis | 270–271 | benzathine penicillin, doxycycline, erythromycin, tetracycline |
| tetano sa bagong silang na sanggol | 95, 507 | benzylpenicillin, metronidazole |
| trichomonas | 268 | .metronidazole, tinidazole |
| ubo | 303 | codeine |
| yeast, thrush | 117, 265-266, 300 | Gentian Violet, clotrimazole, miconazole, nystatin, vinegar, ketoconazole |

## LISTAHAN NG MGA GAMOT

Puwedeng hanapin dito ang pangalan ng gamot na gustong gamitin para malaman kung saan sa mga Berdeng Pahina may dagdag na impormasyon.

[Dahil may batas sa Pilipinas na ginagawang kalakaran ang pagpapatampok ng generic na pangalan ng mga gamot, minarapat na puro mga generic na pangalan ang gamitin sa index na ito. Ang mga brand ng gamot na nakarehistro sa Pilipinas ay makikita sa kahon ng impormasyon ng bawat isa, maliban sa ilang partikular na gamot. May mga "popular" na gamot na sobrang dami ang nakarehistrong produkto, kaya hindi na lang nilagyan ng kahit anong brand name. May mga gamot din na walang nakarehistro sa Pilipinas, kaya iniwang blanko, o kung kinakailangan, naglagay ng brand na nasa ibang bansa. Lahat ng brand name ay ginamitan ng *pahilis na letra;* ang brand name na wala sa Pilipinas ay *pahilis at may salungguhit*.

Hindi nangangahulugan na nirerekomenda ng mga may akda, nagsalin o naglimbag ng libro ang mga brand name na nasa kabanatang ito.]

**3**

3TC (lamivudine) . . . 519

**A**

acetaminophen (paracetamol) . . . 490
acetylsalicylic acid (aspirin, ASA) . . . 492
acid, bichloroacetic . . . 516
acid, trichloroacetic . . . 516
activated carbon . . . 495
activated charcoal . . . 495
acyclovir . . . 490
adrenaline (epinephrine) . . . 490
amoxicillin . . . 490
amoxicillin + clavulanate potassium . . . 491
ampicillin . . . 491
ASA (aspirin, acetylsalicylic acid) . . . 492
aspirin (acetylsalicylic acid, ASA) . . . 492
azithromycin . . . 492
AZT (zidovudine, ZDV) . . . 520

**B**

benzathine penicillin . . . 493
benzylpenicillin . . . 493
benzylpenicillin procaine . . . 513
bichloroacetic acid . . . 516
birth control pills . . . 521-524

**C**

carbon, activated . . . 495
cefalexin (cephalexin) . . . 494
cefixime . . . 493
ceftriaxone . . . 494
cephalexin (cefalexin) . . . 494
charcoal, activated . . . 495
chloramphenicol . . . 495
ciprofloxacin . . . 496
clindamycin . . . 496
codeine . . . 497
contraceptive pills . . . 521-524
cortisol (hydrocortisone) . . . 503
cotrimoxazole . . . 497
Crystal violet . . . 502

**D**

d4T (stavudine) . . . 519
dexamethasone . . . 498
diazepam . . . 498
dicloxacillin . . . 498
diphenhydramine hydrochloride . . . 499
DMPA (medroxyprogesterone acetate) . . . 506
doxycycline . . . 499

**E**

ECP (emergency contraceptive pill) . . . 523
efavirenz (EFV) . . . 519
EFV (efavirenz) . . . 519
emergency birth control pill . . . 523
emergency contraceptive pill . . . 523
epinephrine (adrenaline) . . . 500
ergometrine maleate, methylergonovine maleate . . . 500
erythromycin . . . 501
estrogen . . . 501
ethambutol . . . 501
ethinyl estradiol, tingnan sa estrogen . . . 501

**G**

gentamicin . . . . . 502
Gentian violet . . . . . 502

**H**

hepatitis B vaccine . . . . . 503
hydrocortisone (cortisol) . . . . . 503
hydroxyzine . . . . . 504

**I**

ibuprofen . . . . . 504
INH (isoniazid) . . . . . 505
isoniazid (INH) . . . . . 505
isonicotinic acid hydrazide (isoniazid, INH) . . . . . 505

**K**

ketoconazole . . . . . 505
kontraseptibong pildoras . . . . . 521–524

**L**

lamivudine (3TC) . . . . . 519

**M**

magnesium sulfate . . . . . 506
medroxyprogesterone acetate (DMPA) . . . . . 506
mestranol, tingnan sa estrogen . . . . . 501
methylrosanilinium chloride (Gentian Violet) . . . . . 502
methyl ergonovine (ergometrine maleate) . . . . . 500
metronidazole . . . . . 507
miconazole . . . . . 507
mifepristone . . . . . 508
misoprostol . . . . . 508

**N**

narcotics, tingnan sa codeine . . . . . 497
nevirapine (NVP) . . . . . 519
nitrofurantoin . . . . . 509
norfloxacin . . . . . 509
NVP (nevirapine) . . . . . 519
nystatin . . . . . 510

**O**

oxytocin . . . . . 510

**P**

pang-emerhensyang kontrasepsyon . . . . . 523
paracetamol (acetaminophen) . . . . . 511
penicillin . . . . . 511
penicillin G potassium o sodium . . . . . 493
phenoxymethylpenicillin . . . . . 511
podophyllin (podophyllum) . . . . . 512
podophyllum (podophyllin) . . . . . 512
probenecid . . . . . 512
procaine penicillin, benzylpenicillin procaine . . . . . 513
progesterone, progestin . . . . . 513
progestin, progesterone . . . . . 513
promethazine . . . . . 513
pyrazinamide . . . . . 514

**R**

rifampicin . . . . . 514
RU486 (mifepristone) . . . . . 508

**S**

spectinomycin . . . . . 514
stavudine (d4T) . . . . . 519
streptomycin . . . . . 515
sulfamethoxazole, tingnan sa cotrimoxazole . . . . . 497

**T**

tetanus toxoid na bakuna . . . . . 515
tetracycline . . . . . 516
tinidazole . . . . . 516
trichloroacetic acid, bichloroacetic acid . . . . . 516
trimethoprim, tingnan sa cotrimoxazole . . . . . 497

**Z**

zidovudine (AZT, ZDV) . . . . . 520
ZDV (zidovudine, AZT) . . . . . 520

## acetaminophen o paracetamol *(napakaraming brand sa Pilipinas)*

2 pangalan para sa parehong gamot na pampababa ng lagnat at pambawas ng pananakit. Isa ito sa pinakaligtas na pamawi ng pananakit. Hindi nakakairita sa sikmura at puwedeng ipalit sa aspirin ng mga taong may ulser sa sikmura. Magagamit din ng mga buntis na babae. ***Tingnan ang paracetamol, pahina 511.***

## acyclovir *(Aciherpin, Cyclostad, Herpex, Klozivex, Pharex, Terclovir, Virest, Zealor, Zoteran, Zovirax)* MAG-INGAT

Gamot na pumapatay ng virus. Panlaban sa herpes, na sanhi ng masakit na paltos sa ari, puwit at bibig; at shingles, impeksyon na madalas sa taong may HIV. Hindi nito napipigil ang pagbalik ng herpes, pero nababawasan ang pananakit at pagkalat.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Tabletas**: 200, 400 o 800 mg<br>**Ointment**: 5% | **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Kapag may sakit o pinsala sa bato (kidneys). |
| **Gaano karami at kailan?** | **Impeksyon ng herpes sa ari o mga singaw**: 200 mg, iinumin, 5 beses bawat araw, sa loob ng 7–10 araw<br>**Singaw (cold sores)**: Pahiran ng ointment sa singaw 6 beses bawat araw sa loob ng 7 araw. Maghugas agad ng kamay.<br>**Shingles**: 600–800 mg iinumin 5 beses bawat araw sa loob ng 7–10 araw | **Impor-masyon na dapat malaman** | Higit na mas epektibo ang tabletas kaysa ointment at madalas mas mura. Sabayan ng maraming tubig. |
| | | **Side effects** | Puwede minsan magdulot ng pagsakit ng ulo, pagkahilo, pagkaduwal, pagsusuka. |
| | | **Palatan-daan ng sobrang paggamit** | Pananakit ang ulo, pagkawala ng memorya, pagkaduwal, hindi maka-ihi. |

## adrenaline o epinephrine *(Adrenin, Phil. Pharmawealth)*

2 pangalan sa parehong gamot. Para sa matinding allergic na reaksyon o allergic shock, halimbawa sa penicillin. Ginagamit din ito para sa matinding atake ng hika. ***Tingnan ang ephineprine, pahina 500.***

## amoxicillin *(napakaraming brand)*

Isa itong antibiotic sa pamilya ng penicillin na ginagamit para lunasan ang impeksyon sa matris, sa sistemang ihian, pulmonya, at iba pang impeksyon. Dahil sa mataas na antas ng resistensya ng mikrobyo sa gamot na ito, nabawasan ang pakinabang kumpara sa dati.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Tabletas**: 250 at 500 mg<br>**Likido**: 125 o 250 mg bawat 5 ml | **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Huwag gumamit kung allergic sa mga gamot sa pamilya ng penicillin. |
| **Gaano karami at kailan?** | **Chlamydia**: 500 mg, iinumin, 3 beses bawat araw sa 7 araw (sa kombinasyon ng gamot na panlunas sa discharge mula sa puwerta, tingnan sa p. 268).<br>**Impeksyon sa matris pagkatapos manganak**: 1 gram, iinumin, 3 beses bawat araw sa 10 araw (gumamit din ng iba pang gamot, tingnan sa p. 97).<br>**Pag-iwas sa impeksyon matapos magpalaglag o putulan ang ari**: 500 mg, iinumin, 3 beses kada araw sa 5 araw.<br>**Impeksyon matapos magpalaglag**: 3 grams, iinumin, isang beses lang (tingnan ang p. 255–257 para sa kombinasyon ng gamot na panlunas ng impeksyon matapos magpalaglag.)<br>**Impeksyon sa pantog**: 500 mg, iinumin, 3 beses bawat araw sa 3 araw. | **Side effects** | Puwedeng magdulot ng pagtatae, pamamantal, pagkaduwal o pagsusuka. Baka ma-impeksyon ng yeast (babae) o diaper rash (sanggol). |
| | | **Impor-masyon na dapat malaman** | Kung hindi umige ang lagay sa 3 araw, humanap ng tulong medikal; baka ibang gamot ang dapat. Sabayan ng pagkain. |
| | | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Impeksyon sa pantog o bato**: cefixime, ceftriaxone, ciprofloxacin, cotrimoxazole, gentamicin, nitrofurantoin<br>**Impeksyon sa suso**: cephalexin, dicloxacillin, erythromycin<br>**Pag-iwas sa impeksyon matapos magpa-laglag o putulan ang ari**: doxycycline |

## amoxicillin + clavulanate potassium *(Agpen, Amoclav, Anbicyn, Atadar, Augmentin, Augmex, Augurcin, Bactoclav, Bioclav, Bioclavid, Cax, Clamovid, Claneksi, Clavasul, Claventin, Clavmex, Clavox, Clavoxel, Clavoxin, Clovimax, Enhamox, Enhancin, Exten, Globantin, Gloclav, Klavic, Koact, Natravox, Nexilav, Penhance, Proxiclav, Rafonex, Sullivan, Vamox)*

Isa itong antibiotic na kabilang sa pamilya ng penicillin na ginagamit para panlunas sa tulo (gonorrhea) at iba pang impeksyon. Kaya lang, sa maraming mga lugar, may resistensya na rito ang gonorrhea. Higit na mas epektibo ito kaysa sa amoxicillin lamang para sa ilang impeksyon, pero mahal at madalas mahirap makita. Hindi rin mabili nang mag-isa ang clavulanate potassium para maikombina sa regular na amoxicillin.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?**  | **Tabletas**: 125, 200, 250, 400, 500 at 875 mg<br>**Likido**: 125, 200, 250 at 400 mg bawat 5 ml | **Sino ang hindi dapat gumamit?**  | Huwag gumamit kung allergic sa mga gamot sa pamilya ng penicillin. |
| **Gaano karami at kailan?**  | **Gonorrhea**: Gumamit ng 3 grams ng amoxicillin + clavulanate potassium kasama ang 1 gram ng probenecid, 1 beses lang. | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Gonorrhea**: tingnan ang mga kombinasyon ng gamot, p. 268 |

## ampicillin *(Aldribid, Ampicin, Ampiclin, Ampico, Ampinex, Ampisan, Ampitrex, Ampizef, Bactimed, Cilisod, Clovillin, Dincil, Eurocin, Excillin, Famacin, Gramcil, Mapciril, Microcilin, Obocil, Panacta, Penbritin, Pentrexyl, Pharmawealth, Picaplin, Polypen, RiteMED, Rotocin, Shinapen, Sodampen, Trumepen, Vatacil)*

Isa itong antibiotic, kabilang sa pamilya ng penicillin, na ginagamit na panglunas sa maraming klase ng impeksyon. Dahil sa mataas na antas ng resistensya ng mikrobyo rito, nabawasan ang pakinabang nito kumpara sa dati.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?**  | **Tableta/kapsula**: 250 o 500 mg<br>**Likido**: 125 o 250 mg bawat 5 ml<br>**Powder na panghalo sa iniksyon**: 500 mg | **Sino ang hindi dapat gumamit?**  | Huwag gumamit kung allergic ka sa gamot sa pamilya ng penicillin. |
| **Gaano karami at kailan?**  | **Impeksyon tapos magpalaglag (iinumin)**: 3.5 grams isang inuman lang (tingnan ang p. 256 para sa kombinasyon ng iinuming gamot na panlunas sa impeksyon matapos magpalaglag).<br>**Impeksyon tapos magpalaglag (de-iniksyon) o impeksyon sa matris**: Mag-iniksyon ng 2 grams sa kalamnan o sa ugat, tapos ibaba sa 1 gram, 4 na beses bawat araw ang dose (tingnan ang p. 257 para sa kombinasyon ng de-iniksyon na gamot na panlunas sa impeksyon matapos magpalaglag, at p. 97 para sa impeksyon sa matris).<br>**Lagnat habang nagbubuntis**: Gumamit ng 500 mg 4 na beses bawat araw hanggang sa makahanap ka ng tulong medikal. | **Side effects** <br><br>**Babala** <br><br>**Impormasyon na dapat malaman** <br><br>**Iba pang gamot na maaaring tumalab** | Maaaring magdulot ng pagkasira ng sikmura at pagtatae, at pamamantal.<br><br>Kung hindi bumuti ang lagay mo pagkatapos ng 3 araw, humanap ng tulong medikal; baka kailangan mo ng ibang gamot.<br><br>Inumin ang gamot na ito bago ka kumain.<br><br>**Impeksyon matapos magpalaglag**: tingnan ang p. 256 at 257 para sa kombinasyon ng gamot<br>**Lagnat habang nagbubuntis**: tingnan ang p. 97 para sa kombinasyon ng gamot |

## aspirin, acetylsalicylic acid, ASA *(Aceprin, Anthrom, Asaprim, Aspec, Aspen, Aspilets, Asthromed, Astrix, Bayer, Bayprin, Cor-30, Cortal, Enteroprin, Rhea, Tromcor)*

MAG-INGAT

Gumagana ito laban sa pananakit, pamamaga, at lagnat.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Tabletas**: 300, 500 mg at iba pang timbang. | **Side effects** | Maaaring magdulot ng pagkasira o pananakit ng sikmura o problema sa pag-ampat ng dugo. |
| **Gaano karami at kailan?** | **Pananakit, pamamaga o lagnat**: 300–600 mg, iinumin kung kinakailangan, hindi dapat sumobra sa 6 na beses bawat araw | **Impor-masyon na dapat malaman** | Nilulunasan ng aspirin ang ilang sakit tulad ng arthritis at problema sa puso, pero madalas gamitin para pambawas ng pananakit at lagnat. Mahalagang malaman ang sanhi ng pananakit o lagnat at gamutin iyon. Kung lumampas sa 10 araw ang pananakit o 3 araw ang lagnat, humanap ng tulong medikal. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Hindi dapat gamitin ng mga babae sa huling 3 buwan ng pagbubuntis. Mga taong may ulser sa sikmura o problema sa pagdurugo. Huwag gumamit bago magpa-opera. Huwag gumamit kung nagpapasuso sa unang linggo ng sanggol. Huwag ibigay sa mga bata. | **Palatan-daan ng sobrang paggamit** | Umuugong o kumukuliling sa tainga, pananakit ng ulo, pagkahilo, pagkalito, mabilis na paghinga. |
| | | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Pananakit o lagnat**: paracetamol<br>**Pananakit, lagnat o pamamaga**: ibuprofen<br>**Matinding pananakit**: codeine |

## azithromycin *(Azyth, Endure Medical, Geozit, Macromax, Phil Pharmawealth/Cipla, Zithromax, Zmax)*

Isa itong antibiotic galing sa pamilya ng macrolide na ginagamit sa paglunas sa maraming impeksyon na naihahawa sa pagtatalik (INP). Mahal ito at madalas mahirap makita, pero mahusay itong gumagana laban sa mga INP na hindi na tinatablan ng ibang gamot.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Kapsula**: 250 mg | **Side effects** | Pagtatae, pagkaduwal, pagsusuka, pananakit ng tiyan. |
| **Gaano karami at kailan?** | **Chlamydia at chancroid**: 1 gram, iinumin, isang beses lang (sabayan ng iba pang gamot; tingnan ang p. 268 at 271) | **Impor-masyon na dapat malaman** | Gamitin nang hindi bababa sa 1 oras bago kumain o 2 oras pagkatapos kumain.<br>Mahusay itong panlunas sa karamihan ng mga INP na nagdudulot ng discharge o pagsusugat-sugat sa ari.<br>Mahusay itong panlunas sa mga INP na may resistensya sa ibang mga gamot. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Mga taong may allergy sa erythromycin at iba pang antibiotics sa pamilya ng macrolide. | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Chlamydia**: tingnan ang kombinasyon ng gamot sa p. 268<br>**Chancroid**: tingnan ang kombinasyon ng gamot sa p. 271 |

## benzathine penicillin *(Penadur L-A, Phil Pharmawealth/Karnataka, Zalpen)*

Isa itong antibiotic na matagalan ang paggana, kabilang sa pamilya ng mga penicillin, at ginagamit na panlunas sa syphilis, pagsusugat sa ari, at iba pang impeksyon, kasama na ang ibang pamamaga ng lalamunan. Palagi itong binibigay bilang iniksyon sa kalamnan.

**Anu-anong anyo ang gamot?**
**Powder para pantimpla ng iniksyon**: 1.2 o 2.4 million Units sa loob ng 5 ml na vial o botelya.

**Gaano karami at kailan?**
**Syphilis**: Kung may pagsusugat (sore), mag-iniksyon ng 2.4 million Units sa kalamnan, isang beses lang. Kung merong pantesting sa dugo o kung nawala na ang pagsusugat, gawing bawat linggo sa loob ng 3 linggo.

**Sino ang hindi dapat gumamit?**
Mga taong allergic sa mga gamot mula sa pamilya ng penicillin.

**Babala**
Maghanda ng epinephrine tuwing mag-iiniksyon ng penicillin. Magbantay ng allergic na reaksyon/shock na puwedeng lumabas sa loob ng 30 minuto.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**
**Syphilis**: doxycycline, tetracycline, erythromycin
Maggamot din para sa chancroid, tingnan ang p. 271

## benzylpenicillin, penicillin G potassium o sodium
*(Crystacin, Harbipen, Pencarv, Pharmawealth, Rhea, RiteMED, YSS)*

Isa itong antibiotic mula sa pamilya ng penicillin na ginagamit para lunasan ang maraming seryosong impeksyon.

**Anu-anong anyo ang gamot?**
Powder para pantimpla ng iniksyon: 1 o 5 million Units

**Gaano karami at kailan?**
**Tetano sa bagong silang na sanggol**: Mag-iniksyon ng 100,000 Units/kg sa kalamnan 4 na beses bawat araw sa 10 araw

**Sino ang hindi dapat gumamit?**
Mga taong allergic sa gamot mula sa pamilya ng penicillin.

**Babala**
Magbantay ng allergic na reaksyon at palatandaan ng allergic shock.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**
**Malubhang impeksyon matapos ang pagpapalaglag**: ampicillin, cephalexin, ciprofloxacin, norfloxacin (tingnan ang p. 256 at 257 para sa mga kombinasyon ng gamot).

## cefixime *(Axetef, Cefixmycin, C-Tax P, Fix-A, Fixcef, Refixime, Savecef, Septipan, Taxocef-O, Tergecef, Ultraxime, Zefral)*

MAG-INGAT

Isa itong antibiotic mula sa pamilya ng cephalosporin na ginagamit panlunas sa maraming impeksyon, kasama na ang gonorrhea, pelvic inflammatory disease, at iba pa.

**Anu-anong anyo ang gamot?**
**Tabletas**: 200 o 400 mg
**Likido**: 100 mg sa 5 ml

**Gaano karami at kailan?**
**Gonorrhea o PID**: Uminom ng 400 mg isang beses lang (tingnan ang p. 268 para sa kombinasyon ng gamot na panlunas sa discharge sa puwerta mula sa impeksyon na naihahawa sa pagtatalik; tingnan ang p. 275 para sa PID).
**Impeksyon sa bato**: Uminom ng 500 mg 2 beses bawat araw sa 10 araw

**Side effects**
pagkaduwal, pagtatae, pagsakit ng ulo

**Babala**
Magbantay ng allergic na reaksyon. Maingat na subaybayan ang may problema sa atay.

**Sino ang hindi dapat gumamit?**
Huwag gamitin kung allergic ka mula sa antibiotics sa pamilya ng cephalosporin.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**
**Gonorrhea**: ceftriaxone, ciprofloxacin, cotri-moxazole, doxycycline, spectinomycin
**PID**: ceftriaxone, ciprofloxacin, doxycycline, metronidazole, spectinomycin, tetracycline
**Impeksyon sa bato**: ceftriaxone, ciprofloxacin, cotrimoxazole, gentamycin

## ceftriaxone *(Acrexon, Afrixon, Armak, Bactrias, Cef-3, Cefotrim, Ceftrox, Ceptrocin, Cikedrix, Clovizone, Cryaxon, Dintri, Efekton, Eroxet, Fazactin, Fenadef, Forgram, Haxon, Hoftrex, Kenaxef, Keptrix, Maxeftin, Medzef, Megion, Monocrin, NextChem, Norcephin, Novosef, Noxoram, Panjecxone, Pantrixon, Phil Pharmawealth, Pneumosolv, Retrokor, RiteMED, Roceftin, Rocephin, Rolaphin, Roxifen, Roxon, Samjizon, Seltroz, Sergimax, Torocef, Triax, Triaxon,Tricexone, Trixophin, Ty-oxone, Unixone, Xtenda)*

MAG-INGAT 

Isa itong napakalakas na antibiotic mula sa pamilya ng cephalosporin na iniiniksyon sa kalamnan o ugat (vein). Ginagamit ito para sa maraming impeksyon kasama na ang tulo (gonorrhea), pelvic inflammatory disease (PID), impeksyon sa bato, at seryosong impeksyon matapos magpalaglag, makunan o manganak.

**Anu-anong anyo ang gamot?** 

**Sa vials para pang-iniksyon**: 250, 500 mg at 1 gram, 2 grams at 10 grams

**Sino ang hindi dapat gumamit?** 


Huwag gumamit kung allergic ka sa antibiotic mula sa pamilya ng cephalosporin.

**Gaano karami at kailan?** 

**PID o impeksyon matapos magpalaglag**: Mag-iniksyon ng 250 mg sa kalamnan minsan isang araw hanggang wala na siyang lagnat sa loob ng 2 araw (tingnan ang p. 257 at 275 para sa kombinasyon ng gamot na panlunas sa PID at impeksyon matapos magpalaglag).

**Gonorrhea**: Mag-iniksyon ng 125 mg sa kalamnan, isang beses lang (tingnan ang p. 268 para sa kombinasyon ng gamot na panlunas sa INP).

**Impeksyon sa bato**: Mag-iniksyon ng 1 gram sa ugat minsan bawat araw.

**Babala** 

Magbantay para sa allergic na reaksyon.

Palaging maging handa sa paglunas ng allergic na reaksyon at shock kapag nag-iiniksyon ng antibiotics.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**


**PID o impeksyon matapos magpalaglag**: ampicillin, cefixime, ciprofloxacin, clindamycin, doxycycline, gentamycin, metronidazole, spectinomycin, tetracycline (tingnan sa p. 257 at 275)

**Tulo (gonorrhea)**: cefixime, ciprofloxacin, cotrimoxazole, doxycycline, spectinomycin

**Impeksyon sa bato**: cefixime, ciprofloxacin, cotrimoxazole, gentamycin

## cephalexin, cefalexin *(Airex, Bacilexin, Bandax, Benlexin, Bloflex, Boie, Canelin, Cefalin, Cendalex, Ceporex, CFA, Civalex, Clephin, Difalex, Edexin, Eliphorin, Exel, Fablex, Falex, Falteria, Forexine, Infexin, Ivynall, Keflex, Lafayette, Lewimycin, Lexum, Lyceplix, Madexin, Medilexin, Medoxine, Nefadon, Neolecsin, Nerfalex, Oneflex, Pediaflex, Pharex, QB International, Respinal, RiteMED, Selzef, Sorlex, Xeface, Xinflex, Zepharyl, Zeporin, Zepotex, Zexanta, Zinace)*

Isa itong antibiotic mula sa pamilya ng cephalosporin na ginagamit na panlunas sa impeksyon sa suso at pantog, bronchitis at ilang impeksyon sa balat.

**Anu-anong mga anyo ang gamot?** 

**Tabletas**: 250 o 500 mg

**Likido**: 125 o 250 mg bawat 5 ml

**Babala** 

Magbantay para sa allergic na reaksyon.

**Gaano karami at kailan?** 

**Impeksyon sa suso, balat o pantog**: 250 mg, iinumin, 4 na beses bawat araw sa loob ng 7 araw.

**Impormasyon na dapat malaman** 

Kung magsimula kang magkaroon ng madugong pagtatae na may lagnat, itigil ang paggamit nito at gumamit ng metronidazole (tingnan ang p. 507).

**Sino ang hindi dapat gumamit?** 

Huwag gumamit kung allergic ka sa antibiotics mula sa pamilya ng cephalosporin.

**Side effects** 

Pagkaduwal, pagsusuka at pagtatae. Sa mangilan-ngilang kaso, pagsisimula ng madugong pagtatae na may lagnat.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Impeksyon sa suso o balat**: dicloxacillin, erythromycin, amoxicillin

**Impeksyon sa pantog**: cotrimoxazole, nitrofurantoin

## charcoal, activated

Ang activated charcoal o activated carbon ay uling na may ginawang ispesyal na preparasyon na ginagamit na panlunas kung malason sa ilang gamot tulad ng aspirin, acetaminophen, phenobarbitol, o iba pang gamot o kemikal, o nakalalasong kabute (mushroom). Matapos magbigay ng activated charcoal, maghanap kaagad ng tulong medikal.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Likido**: 25 g bawat 120 ml<br>**Powder**: 15 g | **Side effects** | Maitim na dumi, pagkaduwal, pagsusuka. |
| **Gaano karami at kailan?** | 30–100 g, gagamitin lahat ng isang inuman lang, sa pinakamaagang kakayanin. | **Babala** | Kaagad na maghanap ng tulong medikal. Maaaring magkasakit nang malubha ang taong nasobrahan ng gamot, at mangailangan ng tulong na higit pa sa activated charcoal. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Huwag gumamit kung naka-inom ka ng lighter fluid, panggatong, gaas o iba pang produktong petrolyo. | | |

## chloramphenicol *(Anpheclor, Aphrenil, Biomycetin, Boie, Celsus, Chlorocaire, Chloromycetin, Chloro-S, Chlorsig, CLM, Clovicol, C-Phenicol, Genphenil, Klorfen, Klornik, Lafayette, Medimycetin, Medoptic, Metrophenicol, Oliphenicol, Optomycin, Pediachlor, Penachlor, Pharex, Sensomed, Septicyn, Typhiclor, Venimicetin, Vistachlor)*

Isa itong napakalakas na antibiotic na ginagamit para sa mga seryosong impeksyon matapos manganak, makunan, o magpalaglag. Gamitin lang ito kung hindi tumatalab o hindi ligtas gamitin ang mga gamot na mas mababa ang panganib. Bilang ointment, ginagamit din ito para sa pangangalaga sa mata ng sanggol kung walang ointment ng tetracycline o erythromycin.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Kapsula**: 250 mg<br>**Likido**: 150 mg bawat 5 ml<br>**Powder na panghalo sa iniksyon**: 1 g<br>**Ointment**: 1%<br>**Likido para sa pangangalaga ng mata**: 0.5% | **Babala** | Gumamit ng ibang gamot kung maaari. May panganib ng permanenteng pinsala sa dugo o maging kamatayan sa ilang tao. |
| **Gaano karami at kailan?** | **Pangangalaga sa mata ng sanggol**: maglagay nang kaunti sa bawat mata pagkapanganak. | **Impor-masyon na dapat malaman** | Para sa seryosong impeksyon, dapat gamitin ito kasabay ng 10 million Units ng benzyl penicillin. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Mga babaeng buntis o nagpapasuso. | **Palatan-daan ng sobrang paggamit** | Pagdurugo o madaling magkaroon ng pasa, problema sa paningin. |
| **Side effects** | Pagkasira ng tiyan, problema sa paningin | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Pangangalaga sa mata ng sanggol**: mas mahusay ang ointment na tetracycline o erythromycin. |

## ciprofloxacin

*(Baxolyn, Ciclodin, Cidrolex, Ciflodal, Cifloxin, Ciplox-500, Ciprobach, Ciprobay, Ciprobiotic, Ciprofen, Ciproflox, Ciproglen, Ciprolet, Cipromac, Cipromax, Cipromet, Ciprotor, Ciproxel, Cirok, Flosicron, Floxacef, Floxzu, Holdestin, Hyprocel, Inoxzel, Iprolan, Ipromax, Kinoves, Laitun, Nexproxyn, Oflobay, Pharex, Phil Pharmawealth, Probact, Profilox, Proseloc, Proxazin, Proxco, Proxidin, Proxivex, Prozin QB International, Qinosyn, Quidex, Quilox, Quinoryl, Quiprime, Rancif, Rapiqure, Rexfobys, RiteMED, Sigmacip, Uniflox, Uticin, Xenoflox, Xipro, Zalvos, Ziprocap, Zyflox)*

Isa itong malakas na antibiotic sa quinolone na pamilya na gamit sa paglunas ng impeksyon sa balat, bato at ilang impeksyon na naihahawa sa pagtatalik (INP) tulad ng tulo (gonorrhea), chancroid at PID.

**Anu-anong anyo ang gamot?**

**Tabletas**: 250, 500 o 750 mg

**Gaano karami at kailan?**

**Gonorrhea o PID**: 500 mg, iinumin ng isang beses lang (tingnan ang p. 268 at 275 para sa kombinasyon ng gamot sa INP at PID).

**Chancroid**: 500 mg, iinumin, 2 beses bawat araw sa 3 araw (tingnan ang p. 271 para sa kombinasyon ng gamot sa INP).

**Impeksyon tapos manganak o magpalaglag**: 500 mg, iinumin, 2 beses bawat araw (tingnan ang p. 97 at 257 para sa kombinasyon ng gamot sa impeksyon).

**Impeksyon sa bato**: 500 mg, iinumin, 2 beses bawat araw sa 10 araw.

**Sino ang hindi dapat gumamit?**

Huwag gumamit kung buntis ka, nagpapasuso o mas bata sa 16 na taon.

**Side effects**

Pagkaduwal, pagtatae, pagsusuka, pananakit ng ulo.

**Babala**

May reaksyon ang gamot na ito sa caffeine (sa kape, tsokolate, cola na softdrinks, atbp.), na nagpapalakas pa sa epekto ng caffeine. Huwag din isabay sa produktong mula sa gatas.

**Impor-masyon na dapat malaman**

Uminom ng maraming tubig. Puwede kang kumain kasabay ng gamot, iwasan lang ang mga produktong mula sa gatas.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Gonorrhea**: cefixime, ceftriaxone, spectinamycin

**Chancroid**: azithromycin, erythromycin, ceftriaxone

**PID**: cefixime, ceftriaxone, doxycycline, metronidazole, spectinomycin, tetracycline

**Impeksyon sa bato**: cefixime, ceftriaxone, cotrimoxazole, gentamicin

## clindamycin

*(Abanxl, Acresil, Anerocin, Clin-D, Clindal, ClindaTech, Cliz, Daklin, Dalace, Dalacin, Dalaclin, Inprosyn-HP, Klindex, Lincyn, Myclin, Pharex, T3 Mycin, Tidact, Zindal)*

MAG-INGAT

Antibiotic ito mula sa lincosamide na pamilya na ginagamit na panlunas sa impeksyon sa puwerta, balakang, tiyan, balat at daluyan ng hininga.

**Anu-anong anyo ang gamot?**

**Kapsula**: 25 mg, 75 mg, 150 mg, 300 mg

**Likido sa iniksyon**: 150 mg/ml

**Cream**: 2%

**Gaano karami at kailan?**

**Bacterial vaginosis, impeksyon sa puwerta**:

***Tabletas***: 300 mg, iinumin, 2 beses bawat araw sa 7 araw.

***Cream***: 5 g, ipasok malalim sa puwerta sa pagtulog sa gabi, sa loob ng 7 araw

**Impeksyon sa matris o matapos magpalaglag**: Mag-iniksyon ng 900 mg sa ugat, 3 beses bawat araw (tingnan sa p. 97 at 257 para sa kombinasyon ng gamot sa impeksyon sa matris at matapos magpalaglag).

**Side effects**

Pagkaduwal, pagsusuka, pagtatae na puwedeng lumabas ilang linggo matapos gumamit. Kung mamantal sa balat, itigil ang gamot at magpatingin sa health worker.

**Babala**

Kung gagamitin nang sobra sa 30 araw, puwedeng magdulot ng thrush at impeksyon ng yeast, at makapinsala sa taong may problema sa bato o atay. Nagpaparupok ng condom ang cream sa puwerta, hanggang 3 araw matapos gamitin.

**Sino ang hindi dapat gumamit?**

Kung nagpapasuso at magdulot ng pagtatae sa sanggol, ihinto ang paggamit.

**Impor-masyon na dapat malaman**

Kung isasabay sa erythromycin o chlorampenicol, hihina ang bisa ng 2 gamot. Kung may regla, huwag gumamit ng tampon kasabay ng cream—sisipsipin lang ito.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Bacterial vaginosis**: metronidazole

**Impeksyon sa matris o pagkatapos magpalaglag**: ampicillin, ceftriaxone, ciprofloxacin, doxycycline, gentamicin, metronidazole

## codeine *(Codipront N)*

MAG-INGAT 

Isa itong panlaban sa pananakit mula sa opiate na pamilya na nagpapakalma rin sa ubo at tumutulong na mag-relaks at matulog. Gamitin lang ito para pakalmahin ang napakalalang ubo, matapos lunasan ang sanhi nito. Gamitin lang sa pananakit kung hindi tumatalab ang mas banayad na mga gamot.

**Anu-anong anyo ang gamot?** 

**Likido**: 15 mg bawat ml
**Tabletas**: 15, 30 o 60 mg
**Cough Syrup**: iba't ibang tapang

**Gaano karami at kailan?** 

**Ubo**: 7–15 mg 4 na beses bawat araw, kung kailangan lang.
**Matinding pananakit**: 30–60 mg, 4–6 na beses bawat araw, kung kinakailangan.

**Side effects** 

Puwedeng hindi makadumi at temporaryong hindi maka-ihi. Pagkaduwal, pagsusuka, pangangati, pagsakit ng ulo.

**Impormasyon na dapat malaman** 

Nakakadulot ng adiksyon. Kung gagamit nang higit sa ilang araw, parami nang parami ang kailangan para tumalab.

**Palatandaan ng sobrang paggamit** 

Inaantok, groggy, nawawalan ng malay

**Panlunas kung nasobrahan ang gamit** 

Puwedeng iniksyunan ng naloxone (*Narlox*) ang taong nasobrahan ng codeine. Maghanap ng tulong medikal.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Pananakit**: acetaminophen, aspirin, ibuprofen
**Matinding pananakit**: morphine
**Ubo**: uminom ng maraming tubig, gumamit ng gawang-bahay na syrup para sa ubo (tingnan ang p. 303).

## cotrimoxazole (trimethoprim + sulfamethoxazole)

*(napakaraming brand sa Pilipinas)*

MAG-INGAT 

Kombinasyon ng 2 antibiotics (isa mula sa pamilyang sulfa) para sa impeksyon sa pantog at bato, discharge sa puwerta na dulot ng tulo, at chancroid. Pampigil sa pagtatae at pulmonya ng mga taong may HIV.

**Anu-anong anyo ang gamot?** 

**Tabletas**: 120 mg (20 mg trimethoprim + 100 mg sulfamethoxazole)
480 mg (80 mg trimethoprim + 400 mg sulfamethoxazole)
960 mg (160 mg trimethoprim + 800 mg sulfamethoxazole)
**Oral suspension**: 240 mg (40 mg trimethoprim + 200 mg sulfamethoxazole) bawat 5 ml

**Gaano karami at kailan?** 

**Impeksyon sa pantog**: dalawang 480 mg na tableta, iinumin, 2 beses bawat araw sa 3 araw
**Impeksyon sa bato**: dalawang 480 mg na tableta, iinumin, 2 beses bawat araw sa loob ng 10 araw.
**Discharge sa puwerta na dulot ng INP (STI)**: sampung 480 mg na tableta, isang beses bawat araw sa 3 araw (sa p. 266 ang kumbinasyon ng gamot para sa INP).
**Para maiwasan ang pulmonya at pagtatae ng may HIV**: dalawang 480 mg na tableta bawat araw.
**Madugong pagtatae ng may AIDS**: dalawang 480 mg na tableta, 2 beses bawat araw sa loob ng 10 araw.
**Pulmonya ng taong may AIDS**: apat na 480 mg na tableta, 3 beses bawat araw sa loob ng 21 araw.
**Para sa mga bata na sinilang ng nanay na may HIV/AIDS**: Bigyan ng 120 mg (2.5 ml ng likido, iinumin) sa sanggol na mas bata sa 6 na buwan; bigyan ng 240 mg (5 ml ng likido, iinumin) bawat araw sa bata na 6 na buwan–6 na taon.

**Sino ang hindi dapat gumamit?** 

Mga nasa huling 3 buwan ng pagbubuntis. Mga taong may allergy sa sulfa na antibiotics.

**Side effects** 

Itigil kung may allergic na reaksyon, hal. pangangati o pamamantal. Maaaring maduwal o magsuka.

**Babala** 

Sabayan ng maraming tubig.

**Palatandaan ng sobrang paggamit** 

Pagkaduwal, pagsusuka, pagtatae, pagkalito, pagpapawis.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Impeksyon sa pantog at bato**: cefixime, ceftriaxone, ciprofloxacin, gentamicin, nitrofurantoin
**Tulo (gonorrhea)**: cefixime, ceftriaxone, ciprofloxacin, doxycycline, spectinomycin
**Chancroid**: azithromycin, ciprofloxacin, ceftriaxone, erythromycin
**PID**: kombinasyon ng mga droga sa p. 275.
**Pagtatae ng mga taong may AIDS**: norfloxacin, metronidazole

## dexamethasone *(Adrecort, Cordex 5, Dabrin, Decilone, Dexamet, Dexticort, Drenex, International Apex/LBS, Oradexon amp, Penodex, RiteMED, Scancortin, Vexamet)*

Isa itong steroid na gamot na ginagamit para lunasan ang allergic na shock (tingnan ang p. 545).

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Tabletas**: 0.25, 0.5, 0.75, 1, 1.5, 2, 4 o 6 mg<br>**Likido**: 0.5 mg bawat 5 ml, o 1 mg bawat 1 ml<br>**Pang-iniksyon**: 4, 8, 10, 16 o 20 mg bawat ml | **Side effects** | Kung may diabetes, maaaring mapalala sa loob ng ilang oras. Maaari ding magpataas ng presyon ng dugo. |
| **Gaano karami at kailan?** | **Para sa allergic shock**: Mag-iniksyon ng 20 mg sa kalamnan. Kung bumalik ang mga palatandaan, uminom ng 20 mg by mouth at ulitin nang isang beses kung kailangan. | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Allergic shock**: hydrocortisone |

## diazepam *(Anxiol, Nixtensyn, Trankil, Valium, Valzepam)*

MAG-INGAT

Isa itong tranquilizer na ginagamit para lunasan at pigilan ang mga kombulsyon. Iniibsan din nito ang pagkabalisa at tumutulong na magpatulog.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Tabletas**: 5 o 10 mg<br>**Pang-iniksyon**: 5 mg bawat 1 ml o 10 mg bawat 2 ml | **Side effects** | Nakakapagdulot ng depekto sa pinagbubuntis ang madalas o maraming paggamit ng diazepam. |
| **Gaano karami at kailan?** | **Kombulsyon**: 20 mg ng pang-iniksyon na diazepam sa tumbong (puwit) gamit ang heringgilya na <u>walang karayom</u> (tingnan sa p. 87). Matapos ang 10 minuto, ulitin kung kailangan, gamit ang 15 mg matapos ang kombulsyon. Gumamit ng tabletang durog na hinalo sa tubig kung walang pang-iniksyon na diazepam.<br>**Matinding gulo ng isip (agitation) o deliryo dahil sa alcohol withdrawal**: Uminom ng 10–20 mg. Ulitin tapos ng 1 oras kung kailangan. Kung patuloy ang palatandaan, ibigay tuwing 4–5 oras habang naghahanap ng tulong medikal.<br>**Pagkabalisa o hindi makatulog**: Uminom ng 2.5–5 mg. | **Babala** | Nakakapagdulot ng adiksyon ang diazepam. Iwasan na isabay sa ibang gamot na nakakapaantok, laluna sa alkohol (inuming nakakalasing). |
| | | **Impor-masyon na dapat malaman** | Hindi lunas sa pananakit ang diazepam. Malakas ang kapasidad nitong magdulot ng adiksyon. |
| | | **Palatan-daan ng sobrang paggamit** | Inaantok, hindi maka-balanse (mabuway), pagkalito. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Dapat sa emerhensya lang gamitin ang diazepam sa buntis o nagpapasuso na babae. | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Kombulsyon**: magnesium sulfate<br>**Pampatulog**: diphenhydramine<br>**Pagkabalisa**: hydroxyzine |

## dicloxacillin

Isa itong antibiotic sa pamilya ng penicillin na ginagamit para lunasan ang impeksyon sa suso at balat.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Kapsula**: 125, 250 o 500 mg<br>**Likido**: 62.5 mg bawat 5 ml | **Side effects** | Pagkaduwal, pagsusuka, pagtatae. |
| **Gaano karami at kailan?** | **Impeksyon sa suso o balat**: Uminom ng 500 mg 4 na beses bawat araw sa 7 araw. | **Babala** | Bantayan ang allergic na reaksyon o shock. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Huwag gumamit kung may allergy sa penicillin. | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Impeksyon sa suso o balat**: cephalexin, erythromycin, penicillin |

## diphenhydramine hydrochloride *(Alerace, Allerin AH, Benadryl, Benaxil, Biogenerics, Dramelin, Tussicon)*

MAG-INGAT

Isa itong antihistamine na nagpapatuyo sa sipon sa ilong at nagpapaantok din. Ginagamit ito sa paglunas ng pangangati at problema sa pagtulog. Panlunas din ito sa allergic na reaksyon at allergic shock.

**Anu-anong anyo ang gamot?**

**Tableta o kapsula**: 25 o 50 mg
**Syrup**: 12.5 mg bawat 5 ml
**Ampules na pang-iniksyon**: 10, 30 o 50 mg sa 1 ml

**Gaano karami at kailan?**

**Allergy, mahina hanggang katamtamang allergic na reaksyon, o pangangati**: Uminom ng 25 mg 3–4 beses bawat araw kung kailangan.

**Pampatulog**: Uminom ng 25–50 mg sa panahon ng pagtulog.

**Allergic shock**: Mag-iniksyon ng 50 mg sa kalamnan, ulitin tapos ng 8 oras o mas maaga pa kung kailangan (tingnan sa p. 541).

**Sino ang hindi dapat gumamit?**

Hindi dapat gamitin nang matagalan ng buntis o nagpapasusong babae para panlunas sa mga allergy. Hindi dapat gamitin ng taong may hika.

**Side effects**

Inaantok, tuyo ang bibig. Minsan nagdudulot ng pagkaduwal at pagsusuka. Sa iilang kaso, baliktad ang epekto—nakakapukaw sa halip na magpakalma.

**Babala**

Huwag gamitin kung kailangang maging alerto. Nagiging mapanganib dahil pinapalakas nang husto ang epekto ng tranquilizer at alkohol (inuming nakakalasing).

**Impormasyon na dapat malaman**

Mag-iniksyon lang ng diphenhydramine para sa matinding allergic na reaksyon o shock.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Mga allergy**: hydroxyzine, promethazine
**Pampatulog**: diazepam

## doxycycline *(Bactidox, Cytragen, Doxicon, Doxin, Doxylyn, Dyna, Harvellin, QB International, Quedox, Vibramycin)*

Isa itong antibiotic mula sa pamilya ng tetracycline na ginagamit para lunasan ang maraming iba't ibang impeksyon kasama na ang mga impeksyon na naihahawa sa pagtatalik (INP), PID, impeksyon matapos magpalaglag, at iba pa. Ginagamit ito sa halip na tetracycline.

**Anu-anong anyo ang gamot?**

**Tabletas**: 50 at 100 mg

**Gaano karami at kailan?**

**Lumalabas sa puwerta sanhi ng INP**: Uminom ng 100 mg 2 beses isang araw sa 7 araw (sabayan ng iba pang gamot, tingnan sa p. 268).

**Bago o maagang syphilis**: Uminom ng 100 mg 2 beses bawat araw sa 14 na araw.

**PID**: Uminom ng 100 mg 2 beses isang araw sa 14 na araw (sabayan ng iba pang gamot para sa PID, tingnan sa p. 275).

**Para maiwasan ang impeksyon matapos magpalaglag o deinfibulation**: Uminom ng 100 mg, 2 beses, sa 1 araw lang.

**Impeksyon matapos magpalaglag (iinumin)**: Uminon ng 100 mg 2 beses bawat araw sa 10 days (sabayan ng iba pang gamot, tingnan sa p. 256).

**Impeksyon matapos magpalaglag (iniksyon)**: Mag-iniksyon ng 100 mg sa kalamnan o ugat (vein) 2 beses bawat araw (sabayan ng iba pang gamot, tingnan sa p. 257).

**Impeksyon matapos manganak**: Uminom ng 100 mg 2 beses bawat araw hanggang mawala na ang lagnat sa loob ng 48 oras (sabayan ng iba pang gamot, tingnan sa p. 97).

**Side effects**

Pagtatae o masama ang sikmura. Nagkakabutlig-butlig (rashes) ang ilang tao matapos mabilad sa araw.

**Babala**

Huwag gamitin kung buntis o nagpapasuso. Huwag gumamit ng doxycycline na luma o paso na. Huwag isabay sa gatas o antacid.

**Impormasyon na dapat malaman**

Huwag inumin bago humiga. Umupo habang iniinom at sabayan ng maraming tubig para maiwasan ang iritasyon na dala ng gamot.

**Sino ang hindi dapat gumamit?**

Buntis at nagpapasusong babae at bata na wala pang 8 taon. Nakakapinsala ng ngipin at buto ng sanggol o bata ang doxycycline.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Syphilis**: benzathine penicillin, erythromycin
**Gonorrhea**: cefixime, ceftriaxone, ciprofloxacin, cotrimoxazole, spectinomycin
**Chlamydia**: amoxicillin, azithromycin, erythromycin, tetracycline

**Para maiwasan ang impeksyon matapos magpalaglag**: erythromycin

**Impeksyon matapos magpalaglag**: tingnan sa p. 256 at 257

**Impeksyon matapos ang pagputol sa ari**: erythromycin

## epinephrine o adrenaline *(Adrenin, Phil Pharmawealth)*

Dalawang pangalan ang mga ito para sa iisang gamot. Ginagamit ito para sa allergic na reaksyon o allergic shock, halimbawa, ang allergic shock na dulot ng penicillin. Ginagamit din ito para sa matinding atake ng hika.

**Anu-anong anyo ang gamot?**
**Ampule na pang-iniksyon**: 1 mg in 1 ml

**Gaano karami at kailan?**
**Asthma, katamtamang allergic na reaksyon o allergic shock**: Mag-iniksyon ng ½ mg (½ ml) sa ilalim ng balat (hindi sa kalamnan) ng braso. Kung kailangan, magbigay ng ikalawang dose tapos ng 20–30 minuto, at ikatlong dose tapos ng 20–30 minuto ulit (sabayan din ng iba pang gamot, tingnan sa p. 545).

**Side effects**
Takot, hindi mapakali, nerbiyos, kaba, tensyon, sakit ng ulo, hilo, mabilis na tibok ng puso.

**Babala**
Ingatan na hindi magbigay ng lampas sa nirerekomendang dami. Iwasan na mag-iniksyon sa pigi; sa halip, gamitin ang likod na bahagi ng braso.

**Impor-masyon na dapat malaman**
Sukatin ang pulso bago mag-iniksyon. Huwag magbigay ng lampas sa 3 dose. Kung madagdagan ang bilis ng pulso ng sobra sa 30 pintig bawat minuto matapos ang unang iniksyon, huwag magbigay ng dagdag na dose.

**Palatan-daan ng sobrang paggamit**
Mataas na presyon ng dugo, mabilis na tibok ng puso, stroke

## ergometrine maleate, methylergonovine maleate *(Comthergin, Ergomed, Josenta, Medisyl, Mergot, Mergotrex, Methergin, Myometril, Obtrin, Usamema)*

Nagpapakipot ito ng matris at mga ugat ng dugo nito, at ginagamit para makontrol ang matinding pagdurugo matapos ang panganganak o pagpapalaglag. Magkapareho ang ergometrine at methylergonovine. Matapos ibigay ang gamot na ito, humanap ng tulong medikal.

**Anu-anong anyo ang gamot?**
**Tabletas**: 0.2 mg
**Pang-iniksyon**: 0.2, 0.25 at 0.5 mg sa 1 ml vial.

**Gaano karami at kailan?**
**Matinding pagdurugo matapos manganak**: Matapos lumabas ang inunan, mag-iniksyon ng 0.02 mg sa kalamnan, o magpainom ng 1 tableta (0.2 mg) ng hanggang 4 na beses bawat araw, kung kailangan.

**Matinding pagdurugo dahil sa komplikasyon matapos magpalaglag**: Mag-iniksyon ng 0.2 mg sa kalamnan, tapos magpainom ng 0.2 mg na pildoras o mag-iniksyon tuwing 6 na oras sa loob ng 24 oras.

**Side effects**
Pagkaduwal, pagsusuka, pagkahilo, pagpapawis.

**Babala**
Huwag gamitin ang mga gamot na ito para pasimulan o palakasin ang paglabor. Huwag na huwag ibigay bago lumabas ang sanggol at inunan.


**Impor-masyon na dapat malaman**
Huwag gamitin ito para magpalaglag dahil puwedeng mapatay ng gamot ang babae bago pa magdulot ng aborsyon. (Tingnan ang Kabanata 15 para sa usapin ng aborsyon.)

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**
oxytocin, misoprostol

## erythromycin *(Aldricin, Celsus, Elicocin, Ery-V, Erycar, Erylide, Erythrocin, Fildrocin, Ilosone, Medripol, Optryl, Pertustat, Pharex, RiteMED, Romaxin, Sansacne, Sensomed, Sorestin, Stiemycin, Upperzin)*

Isa itong antibiotic mula sa macrolide na pamilya. Ginagamit itong panlunas sa maraming impeksyon, kasama ang ilang impeksyon na naihahawa sa pagtatalik (INP), impeksyon sa hingahan at balat. Ligtas ito para sa mga buntis, at laganap sa maraming lugar.

**Anu-anong anyo ang gamot?**



**Tableta o kapsula**: 200, 250 o 500 mg
**Ointment**: 1%
**Powder sa solution**: 125 mg kada 5 ml

**Gaano karami at kailan?**



**Chlamydia**: 500 mg, iinumin, 4 na beses bawat araw sa 7 araw (tingnan sa p. 268, kombinasyon ng gamot para sa lumalabas sa puwerta dahil sa mga INP).

**Impeksyon sa suso o mula sa pagputol sa ari o deinfibulation**: uminom ng 500 mg 4 na beses bawat araw sa 7 araw.

**Chancroid o impeksyon sa balat**: uminom ng 500 mg 4 na beses bawat araw sa 7 araw (sabayan din ng iba pang gamot, tingnan sa p. 271).

**Syphilis**: 500 mg 4 na beses bawat araw sa 15 araw, iinumin

**Pangangalaga sa mata ng bagong silang na sanggol**: Gumamit ng 1% ointment isang beses lang.

**Impeksyon sa balat**: uminon ng 250 mg, 4 na beses bawat araw sa 7–10 araw.

**Sino ang hindi dapat gumamit?**



Huwag gumamit kung may allergy sa antibiotics mula sa macrolide na pamilya.

**Side effects**



Puwedeng magdulot ng masamang sikmura o pagkaduwal, pagsusuka, pagtatae.

**Impor-masyon na dapat malaman**



Pinakamabisa ito kung iinumin 1 oras bago o 2 oras matapos kumain. Kung masyadong sasama ang sikmura, sabayan ng kaunting pagkain. Huwag durugin ang tabletas. Maraming tabletas ang may balot (coated) para hindi agad matunaw ng sikmura bago pa magsimulang tumalab ang gamot.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Impeksyon sa suso**: amoxicillin, cephalexin, erythromycin
**Impeksyon sa pantog**: cotrimoxazole, nitrofurantoin
**Impeksyon matapos ang pagputol sa ari**: cephalexin, doxycycline

**Mga INP**: tingnan sa p. 268 at 271 para sa kombinasyon ng gamot na panlunas sa mga INP
**Mata ng bagong silang na sanggol**: tetracycline ointment, chloramphenicol ointment
**Impeksyon sa balat**: dicloxacillin

## estrogen, ethinyl estradiol, mestranol





Ang iba't ibang kemikal na anyo ng estrogen ay ginagamit sa mga kontraseptibong pildoras at iniksyon. Katulad ang mga ito ng hormone na estrogen na ginagawa sa katawan ng babae. Maaari ring gamitin ang estrogen para lunasan ang hindi normal na pagdurugo. Hindi na ito dapat gamitin sa problema sa menopause ***(tingnan ang Kabanata 8)***. Para sa dagdag na impormasyon, tingnan ang seksyon sa kontraseptibong pildoras, iniksyon at pang-emerhensyang kontrasepsyon ***(tingnan ang Kabanata 13 at p. 521–524)***.

## ethambutol *(Danbut, Doctor's, E-tol, Holtresis, Odetol, Pharex, Triambutol)*

Ginagamit ito para panlunas sa tuberkulosis (TB) laluna kung hindi na sapat ang lakas ng ibang gamot. Ginagamit ito na kakombinasyon ng iba pang gamot. ***Tingnan ang Kabanata 25***.

**Anu-anong anyo ang gamot?**



**Tabletas**: 100 o 400 mg

**Gaano karami at kailan?**



Magkakaiba at naayon sa bansa ang dosis ng gamot para sa tuberkulosis. Magpatingin sa isang health worker. (Gamitin ang ethambutol kasabay ng iba pang gamot, tingnan sa p. 389.)

**Sino ang hindi dapat gumamit?**



Hindi dapat sa mga taong may malalang problema sa paningin, kasama ang katarata. Gayundin sa mga taong may malalang problema sa bato.

**Side effects**



Madalas nagdudulot ng pagbabago sa paningin sa 1 o 2 mata. Maaaring pakitirin ang sakop ng nakikita, o magkaroon ng madilim na mga tuldok-tuldok o "butas" sa paningin. Madalas nawawala lang ito kapag tinigil na ang gamot.

**Impor-masyon na dapat malaman**



Napakahalaga na tapusin ang buong takdang gamutan ng TB, kahit na tumagal ng 1 taon. Kung hindi, maaaring mahawa mo ang ibang tao, o magkasakit ka muli ng klase ng TB na napakahirap pagalingin.

## gentamicin *(Agentam, Bellagen, Elin, Garazin, Gecitam, Genom, Gentrobex, International, Migentax, Mycin, Obogen, Orimed, Phil Pharmawealth, RiteMED, Rocygen, Servigenta, Tangyn, Topigen)*

MAG-INGAT

Isa itong malakas na antibiotic mula sa aminoglycoside na pamilya na ginagamit na panlunas sa gonorrhea, impeksyon sa bato at iba pang seryosong impeksyon, at para sa PID kakombinasyon ng iba pang mga gamot. Gamitin lang ito kung nagsusuka ang babae at hindi mapatagal ang gamot, o wala nang ibang antibiotic na mabili o makuha.

**Anu-anong anyo ang gamot?**

**Vial/ampule na pang-iniksyon**: 10 o 40 mg bawat ml

**Gaano karami at kailan?**

**Para sa impeksyon sa bato, matris, o matapos magpalaglag**: Ibigay ayon sa timbang ng babae: iiniksyon sa kalamnan ang 5 mg para sa bawat kilo ng timbang, na hinati sa 3 dosis (minsan bawat 8 hours) sa 5–10 araw; o puwedeng gamitin ang average dose na ito: Mag-iniksyon ng 80 mg sa kalamnan; matapos ang 8 oras, simulang mag-iniksyon ng 60 mg tuwing 8 oras sa 5–10 araw (sabayan din ng iba pang gamot; tingnan sa p. 97 at 257).

**Sino ang hindi dapat gumamit?**

Dapat maingat na maingat ang paggamit ng mga buntis na babae o yung may problema sa bato. Bawal ito sa may allergy sa antibiotics mula sa aminoglycoside na pamilya.

**Side effects**

Puwedeng makasira sa bato o magdulot ng pagkabingi ang gamot na ito.

**Babala**

Gumamit ng ibang gamot kung magkaroon ng problema sa pandinig o kumukuliling sa tainga. Sabayan ng maraming inumin.

**Impormasyon na dapat malaman**

Dahil sa seryosong side effects at kahirapan sa pagkalkula ng dosis, dapat gamitin lang ito kung wala nang makuhang mas ligtas na antibiotic.

**Palatandaan ng sobrang paggamit**

Kumukuliling sa tainga o paghina ng pandinig. Mga problema sa bato.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Impeksyon sa matris**: ampicillin, clindamycin, metronidazole

**Impeksyon matapos magpalaglag**: ampicillin, ceftriaxone, ciprofloxacin, clindamycin, doxycycline, metronidazole

**Impeksyon sa bato**: cefixime, ceftriaxone, ciprofloxacin, cotrimazole

## Gentian violet, crystal violet, methylrosanilinium chloride

Isa itong disinfectant (pamatay mikrobyo) na pantulong sa paglaban sa impeksyon sa balat, bibig at puwerta.

**Anu-anong anyo ang gamot?**

**Liquid**: 0.5%, 1%, 2%

**Tincture**: 0.5%

**Crystals**: 1 kutsarita sa ½ litro ng tubig para gumawa ng 2% na likido.

**Gaano karami at kailan?**

**Yeast ng impeksyon sa puwerta**: magbabad ng malinis na bulak sa 1% na likido at ipasok nang malalim sa puwerta, buong gabi sa loob ng 3 gabi. Tiyakin na tanggalin ang bulak tuwing umaga.

**Yeast ng impeksyon sa puwerta sa bibig (thrush)**: Magmumog ng 1% na likido sa loob ng 1 minuto, 2 beses bawat araw, pero huwag lululunin.

**Impeksyon sa balat**: Hugasan muna ng sabon at tubig, at patuyuin. Pagkatapos, ipinta (ipahid) sa balat, bibig, o panlabas na ari (vulva) 3 beses bawat araw sa 5 araw.

**Impeksyon sa balat ng taong may AIDS**: Hugasan muna ng sabon at tubig, at patuyuin. Pagkatapos, ipinta (ipahid) sa balat, bibig, o panlabas na ari (vulva) 2 beses bawat araw hanggang mawala ang butlig-butlig (rashes).

**Side effects**

Nagdudulot ng iritasyon ang matagalang paggamit. Maaaring magkulay lila (purple) kapag naghilom na ang balat na ginamitan dahil sa pagsusugat o punit.

**Babala**

Huwag makipagtalik habang gumagamit ng Gentian Violet para sa impeksyon sa puwerta, para maiwasan na mapasahan ng impeksyon ang iyong partner. Tumigil sa paggamit nito kung magsimula ang iritasyon. Ilayo sa mata.

**Impormasyon na dapat malaman**

Matapos lagyan sa bibig ang sanggol, ipuwesto siya na nakaharap pababa para kaunti lang ang malulon. Malalagyan ng mantsa na kulay lila ang balat at damit dahil sa Gentian Violet.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Impeksyon sa balat**: antibiotic ointments, iodine


**Thrush sa bibig**: dayap o lemon (huwag sa mga sanggol), nystatin

**Yeast na impeksyon sa puwerta**: nystatin, miconozole, clotrimazole

## hepatitis B vaccine *(Amvax B, Engerix-B, Euvax B, Genvac-B, Hepavax, Hepliv, Shanvac-B, Temrevac HB)*

Bakuna na nagbibigay ng immunity mula sa Hepatitis B (hindi na magkakasakit nito).

**Anu-anong anyo ang gamot?**



**Likido na pang-iniksyon**: 5, 10, 20 o 40 µcg (mcg) bawat ml

**Gaano karami at kailan?**



Palaging iiniksyon sa kalamnan ng braso o binti sa 3 dosis. Sikaping maibigay ang ika-2 dose 1–2 buwan matapos ang una, at ang ika-3 dose 4–12 months matapos ang ika-2.

Depende sa brand na gagamitin ang dosis. Halimbawa:

| | Temrevac HB | Hepavax Gene TF |
|---|---|---|
| Edad ≥ 20 | 10 mcg | 20 mcg |
| Edad 11–19 | 5 mcg | 20 mcg |
| Edad 0–10 | 5 mcg | 10 mcg |

**Side effects**



Minsan lagnat, sakit ng ulo, panghihina, pagkapagod.

**Impor-masyon na dapat malaman**



Kailangan itago ang bakunang ito sa temperatura na 2-8 degrees centigrade, kung hindi'y mawawala ang bisa; pero hindi dapat magyelo. Dapat iiniksyon sa braso o binti.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

Hepatitis B immune globulin

## hydrocortisone o cortisol *(Clovisone, Cortin, Cortizan, Costeron-H, Droxiderm, Efficort Lipo, Hovicor, Hycortil, Hydrotopic, Lacticare-HC, Ocecor, Pharex, Pharmacort, Phil Pharmawealth, Primacort, Solu-Cortef, Sorvilor, Stericort, Syntesor)*

MAG-INGAT



Isa itong panlaban sa pamamaga at pangangati na panlunas sa mga butlig-butlig (rashes) at sa almoranas. Ang pang-iniksyon at tabletas na preparasyon nito ay mahalagang gamot na panlunas sa allergic shock.

**Anu-anong anyo ang gamot?**



**Cream o ointment**: iba't ibang konsentrasyon, madalas 1%

**Tabletas**: 5, 10, at 20 mg

**Likido na pang-iniksyon at powder na panghalo para pang-iniksyon**: iba't ibang konsentrasyon

**Gaano karami at kailan?**



**Butlig-butlig (rashes), pangangati o almoranas**: Ipahid ang cream sa balat 3–4 beses bawat araw.

**Allergic shock**: Mag-iniksyon ng 500 mg sa kalamnan, ulitin matapos ang 4 na oras kung kailangan (sabayan din ng iba pang gamot, tingnan sa p. 545). Kung bumalik pa pagkatapos ang mga palatandaan, uminom ng 500–1,000 mg at ulitin nang 1 beses kung kailangan.

**Side effects**



Maaaring magdulot ng pagnipis at pagpeklat ng balat ang cream kung gagamitin ng lampas sa 10 araw.

**Babala**



Huwag gumamit ng cream na may nakatakip na bendahe. Dapat mag-ingat sa paggamit ng tabletas ang buntis at nagpapasusong babae; pero ligtas na magagamit nila ang cream.

**Palatan-daan ng sobrang paggamit**



Mataas na presyon ng dugo, mas malakas kaysa karaniwan na pag-ihi.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Allergic shock**: dexamethasone, diphenhydramine

**Allergy o pangangati**: diphenhydramine

## hydroxyzine *(Iterax)*

MAG-INGAT





Isa itong antihistamine na ginagamit para sa mga allergic na reaksyon, para makontrol ang pangangati, at minsan para malunasan ang pagduduwal, pagsusuka at pagkabalisa.

**Anu-anong anyo ang gamot?**



**Tabletas**: 25, 50 o 100 mg
**Iniksyon**: 25 o 50 mg bawat 5 ml
**Syrup**: 10 o 25 mg bawat 5 ml

**Gaano karami at kailan?**



**Pangangati**: Uminom ng 25–50 mg, 3–4 na beses bawat araw.
**Para mabawasan ang pagkabalisa**: Uminom ng 25–50 mg, 4 na beses bawat araw.

**Katamtamang allergic na reaksyon o allergic shock**: Mag-iniksyon sa kalamnan: 25 mg para sa bata, 50 mg para sa nakatatanda (sabayan din ng iba pang gamot, tingnan sa p. 545).

**Sino ang hindi dapat gumamit?**



Huwag gamitin sa unang 3 buwan ng pagbubuntis. Sa nalalabing panahon ng pagbubuntis o kung nagpapasuso, gamitin lang kung wala nang ibang mapagpilian. Huwag gamitin ang gamot na ito kung kailangan mong manatiling alerto.

**Side effects**



Nagdudulot ng panunuyo ng bibig, pagkaantok, at maaaring mawalan ng gana sa pagkain.

**Palatandaan ng sobrang paggamit**



Pagkaantok

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Pangangati, allergy o allergic shock**: diphenhydramine, promethazine
**Pagkabalisa**: diazepam

## ibuprofen *(Advil, Dolafen, Dolan FP, Faspic, Genselax, Idyl, Medicol Advance, Midol, Rheuxan)*

MAG-INGAT




Gumagana ito laban sa pananakit, pamamaga, at lagnat. Kapaki-pakinabang ito na gamot para maibsan ang masamang pakiramdam habang nireregla at pananakit mula sa rayuma at AIDS.

**Anu-anong anyo ang gamot?**



**Tabletas**: 200 mg at mas malaki.
**Likido**: 100 mg bawat 5 ml

**Gaano karami at kailan?**



Uminom ng 200–400 mg, 4–6 times bawat araw. Huwag lumampas ng 2,400 mg sa isang araw.

**Sino ang hindi dapat gumamit?**



Mga taong may ulser sa sikmura. Buntis na babae sa huling 3 buwan ng pagbubuntis.

**Side effects**



Maaaring magdulot ng iritasyon o pananakit ng sikmura. Isabay sa pagkain.

**Babala**



Iwasan gamitin hanggang isang linggo matapos maoperahan.

**Impormasyon na dapat malaman**



Mas kaunti ang dulot na iritasyon kung isasabay sa pagkain, laluna mga produktong gatas, sa panahon nang regular na pagkain.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Pananakit, pamamaga, lagnat**: aspirin
**Pananakit at lagnat**: acetaminophen
**Matinding pananakit**: codeine, morphine

## isoniazid o INH *(Isonid, Lafayette, Pharex, Rhea, Zidrid)*

Ginagamit ito na panlunas sa tuberkulosis (TB) kakombinasyon ng iba pang gamot. ***Tingnan ang Kabanata 25.***

**Anu-anong anyo ang gamot?**



**Tabletas**: 100 o 300 mg
**Syrup**: 50 mg bawat 5ml

**Side effects**



Maaring magdulot ng pananakit o pamamanhid sa kamay, braso, paa at binti. Minsan nagdudulot ang isoniazid ng matinding hepatitis na may palatandaan tulad ng pagkapagod, kawalan ng ganang kumain, pagkaduwal, pagsusuka, madilim na kulay ng ihi o paninilaw ng mata. Kung mangyari ito, ihinto kaagad ang gamot.

**Gaano karami at kailan?**



Magkakaiba at naayon sa bansa ang dosis ng gamot para sa tuberkulosis. Magpatingin sa isang health worker. (Gamitin ang isoniazid kasabay ng iba pang mga gamot; tingnan sa p. 389.)

**Impor-masyon na dapat malaman**



Huwag na huwag lumampas sa 300 mg sa isang araw. Napakahalaga na tapusin ang buong takdang gamutan ng TB. Kung hindi, maaaring mahawa mo ang ibang tao, o magkasakit ka muli ng klase ng TB na napakahirap pagalingin.

**Sino ang hindi dapat gumamit?**



Dapat hindi gamitin ang gamot na ito ng sinumang may hepatitis, sakit sa atay, o gumamit na ng isoniazid dati at nagkaproblema sa atay.

**Palatan-daan ng sobrang paggamit**



Pagkaduwal, pagsusuka, pagkahilo, bulol o hindi maintindihan na pag-sasalita, malabong paningin. Kung masobrahan ang paggamit, uminom ng 1 g o higit pa ng pyridoxine (vitamin B6).

## ketoconazole *(Conatab, Dezor, Donaxene, Ketovid, Konazole, Kozec, Nizoral, Reduff, United Home)*

MAG-INGAT



Isa itong malakas na panlaban sa fungus na ginagamit na panlunas sa thrush at iba pang yeast na impeksyon. Gamitin lang ito kung mayroong AIDS at hindi tumatalab ang iba pang panlunas.

**Anu-anong anyo ang gamot?**




**Tabletas**: 200 mg
**Cream para sa balat**: 2%
**Shampoo**: 1%

**Babala**



Mag-ingat sa paggamit kung buntis o nagpapasuso. Huwag magpasok ng cream o shampoo sa puwerta. Isabay ang gamot sa pagkain. Kung iinumin ang gamot, maaring magkaroon ka ng hot flashes kung iinom ka rin ng alkohol (inuming nakalalasing).

**Gaano karami at kailan?**



**Fungal na impeksyon**: Uminom ng 200 minsan bawat araw sa 10 araw.
**Yeast na impeksyon sa loob ng bibig (thrush)**: Uminom ng 200 mg, 2 beses bawat araw sa 14 na araw.

**Impor-masyon na dapat malaman**



Pinakamabisa ang gamot na ito kung isasabay sa katas ng kahel o iba pang maasim (citrus) na prutas.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Yeast na impeksyon na walang INP (impeksyon na naihahawa sa pagtatalik)**: clotrimazole, Gentian Violet, miconazole, nystatin

**Side effects**



Maaaring magdulot ng pagkaduwal at pagsusuka.

## magnesium sulfate *(Elin, Phil Pharmawealth)*

Ito ang pinakamainam na gamot para mapigilan ang kombulsyon sa mga babaeng may eclampsia.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Iniksyon**: 10%, 12.5%, 25% o 50% na timpla (solution). | **Impor-masyon na dapat malaman** | Kailangan ng malaking karayom para mag-iniksyon ng maraming kantidad ng gamot, at maaaring hindi ito komportable. Baka mas gustuhin mo na hatiin ang dosis at 2 beses mag-iniksyon nang mas maliit, isa sa bawat pigi. |
| **Gaano karami at kailan?** | **Kombulsyon**: mag-iniksyon ng 10 g sa kalamnan. | | |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Hindi dapat bigyan ng gamot na ito ang mga babaeng may problema sa bato. | **Palatan-daan ng sobrang paggamit** | Pagpapawis, mababang presyon ng dugo, panghihina, problema sa paghinga. |
| **Babala** | Gamitin lang ang gamot na ito kung lampas sa 160/110 ang presyon ng dugo ng babae. Matapos ibigay, patuloy na sukatin ang presyon ng dugo. Kung masobrahan ng gamot, maaaring mapabagal o mapahinto ang kanyang paghinga! | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Kombulsyon**: diazepam |

## medroxyprogesterone acetate, DMPA

MAG-INGAT

*(Depo-Provera, Deporeva, Depotrust, Lyndavel, Provera, Provestin)*

Isa itong kemikal na anyo ng progesterone, isang hormone na natural na ginagawa sa katawan ng babae. Maaari itong gamitin para lunasan ang hindi regular na pagdurugo na dulot ng pagbabago ng mga hormone, laluna sa bandang panahon ng menopause. Para sa dagdag na impormasyon, tingnan ang **Kabanata 8** "Pagtanda." Para sa **pagpaplano ng pamilya**, tingnan ang **Kabanata 13**.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Tabletas**: 2.5, 5 o 10 mg<br>**Likido na pang-iniksyon**: 150 o 400 mg bawat ml | **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Hindi dapat gumamit nito ang mga babaeng may hepatitis, o kanser sa suso o cervix. |
| **Gaano karami at kailan?** | **Matinding pagdurugo**: Gumamit ng 10 mg minsan sa 1 araw sa 10 araw. Kung magpatuloy ang pagdurugo, dagdagan ng 10 pang araw. | **Babala** | Kung magpatuloy ang pagdurugo matapos ang 20 araw ng paggamot, magpatingin sa isang health worker. Maaaring seryoso ang problema. |

## methyl ergonovine

Nagpapakipot ito ng matris at mga ugat ng dugo nito, at ginagamit para makontrol ang matinding pagdurugo matapos ang panganganak o pagpapalaglag. Parehong gamot ito sa ergometrine at ergonovine. ***Tingnan ang ergometrine, p. 500.***

## metronidazole *(Ameryl, Anerobizol, Bacimex, Boie, Clovizole, Dazomet, Flacel, Flagyl, Flamibazid, Foramebex, Globazol, Hospira, Lafayette, Medgyl, Metrinox, Metrodal, Metroxid, Metrozol, Microzol, Norstene, Nozol, Panazole, Patryl, Pharex, Robaz, Rodazid, Seltrozol, Servizol, Trichomar, Tricomycin, Triconex, Tridel, Zol, Zolnid)*

MAG-INGAT

Ginagamit ito para sa impeksyon sa puwerta na dulot ng yeast at trichomonas. Epektibo rin ito laban sa ilang bacteria at sa disenterya mula sa amoeba (tingnan ang ***Where There is No Doctor***).

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Tabletas**: 200, 250, 400 o 500 mg<br>**Inserts**: 375, 500 mg<br>**Pang-iniksyon sa ugat (veins)**: 500 mg sa 100 ml | **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Mga taong may problema sa atay tulad ng jaundice (paninilaw ng mata). |
| **Gaano karami at kailan?** | **PID**: Uminom ng 500 mg 2 beses bawat araw sa 14 araw (isabay sa iba pang mga gamot; tingnan sa p. 275).<br>**Impeksyon matapos manganak**: Uminom ng 500 mg 2 beses bawat araw sa 10 days (isabay sa iba pang mga gamot, tingnan sa p. 97).<br>**Katamtamang impeksyon sa puwerta**: Magpasok ng isang 500 mg insert sa puwerta 2 beses bawat araw sa 5 araw.<br>**Trichomonas o bacterial vaginosis**: Uminom ng 2 gramo, isang beses lang, pero tiyakin na hindi buntis.<br>*Kung buntis*: Uminom ng 400–500 mg 2 beses bawat araw sa 7 araw (para lunasan ang lumalabas mula sa ari, mayroon man o walang INP, tingnan ang kombinasyon ng mga gamot sa p. 266 at 268).<br>**Seryosong impeksyon matapos magpalaglag o manganak**: Uminom ng 500 mg, 3 beses bawat araw o mag-iniksyon ng 400–500 mg sa ugat (vein) 2 beses bawat araw (tingnan ang rekomendadong kombinasyon ng mga gamot sa p. 256 at 257 para sa pagpapalaglag at p. 97 para sa panganganak).<br>**Madugong pagtatae, mayroon man o walang lagnat**: 500 mg 3 beses bawat araw sa 7 araw.<br>**Tetano**: 7.5 mg/kg 4 na beses bawat araw sa 10 araw. | **Side effects** | May lasang bakal sa bibig, madilim na kulay ng ihi, masama ang sikmura o naduduwal, masakit ang ulo. |
| | | **Babala** | Itigil ang paggamit kung makaramdam ng pamamanhid. Kung nasa unang 3 buwan ng pagbubuntis, sikapin na huwag gumamit nito. Kung kinakailangan, huwag gamitin ang isahang malaking dosis (kapag buntis). Pero kung nagpapasuso, ang isahang malaking dosis ang pinakaligtas na paraan ng paggamit nito. |
| | | **Impormasyon na dapat malaman** | Dapat gamutin din ang iyong sekswal na partner. Huwag uminom ng alkohol, kahit na 1 beer, habang gumagamit ng metronidazole. Magdudulot ito ng sobrang pagkaduwal. |
| | | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Bacterial vaginosis at trichomonas**: tinidazole<br>**Pagtatae sa taong may AIDS**: cotrimoxazole, norfloxacin |

## miconazole *(Daktarin, Defungin, De-ol, Fungtopic, Micoson, Monistat)*

MAG-INGAT

Isa itong gamot na pamatay ng fungus na ginagamit para lunasan ang yeast at iba pang impeksyon ng fungus sa puwerta.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Cream**: 2%, 4%<br>**Inserts**: 100 mg, 200 mg at 1,200 mg | **Side effects** | Iritasyon |
| **Gaano karami at kailan?** | **Yeast na impeksyon**:<br>*Cream*: maglagay ng 5 g sa puwerta gabi-gabi sa 7 araw.<br>*100 mg inserts*: magpasok ng 1 sa puwerta gabi-gabi sa 7 araw.<br>*200 mg inserts*: magpasok ng 1 sa puwerta gabi-gabi sa 3 araw. | **Babala** | Kung magka-iritasyon ka sa miconazole, ihinto ang paggamit. Iwasan ang pagtatalik sa 3–4 na araw para hindi mo maipasa sa kapartner. Huwag idikit sa mata ang gamot. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Mga babae na nasa unang 3 buwan ng pagbubuntis. | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Yeast na impeksyon**: nystatin, clotrimazole, Gentian Violet o ketaconazole |

## mifepristone, RU486

Ang mifepristone, kakombinasyon ng misoprostol o iba pang gamot, ay magagamit para magpalaglag. Nakukuha ito sa ispesyal na mga programa sa ilang bansa, at binibigay sa klinika at ospital kung saan masusubaybayan ang babae at malulunasan kung may komplikasyon.

**Anu-anong anyo ang gamot?**
**Tabletas**: 200 mg

**Gaano karami at kailan?**
**Medikal na pagpapalaglag**: 600 mg, iniinom 1 beses bago mag-10 linggo na buntis ang babae. Matapos ang 48 oras, iniinom ang misoprostol o pinapasok nang malalim sa puwerta.

**Pang-emerhensyang kontrasepsyon**: Uminom ng 10 mg isang beses lang, nang hindi lumalampas sa 5 araw matapos ang pagtatalik na walang proteksyon.

**Sino ang hindi dapat gumamit?**
Mga babae na lampas sa 9 na linggo mula sa huling normal na pagregla.

**Impormasyon na dapat malaman**
Matapos ang paghilab at malakas na pagdurugo, madalas nakukumpleto ang pagpapalaglag sa loob ng 48 oras matapos maibigay ang ikalawang gamot. Bukod sa pananakit at paghilab ng tiyan, kasama sa side effects ang pagkaduwal at pananakit ng ulo.

Kung pumalya ang gamot, maaaring kailangan ang pagpapalaglag gamit ang manual vacuum aspiration (MVA) o dilation & curettage (D&C). (Tingnan sa Kabanata 15, "Pagpapalaglag")

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**
misoprostol

## misoprostol *(Cytotec)*

Ginagamit ang gamot na ito para sa ulser. Magagamit din ito para sa pagdurugo matapos manganak, pagdurugo matapos magpalaglag, o pagpapalaglag mismo dahil pinapaimpis nito ang matris at pinapalabas ang laman.

**Anu-anong anyo ang gamot?**
**Tabletas**: 100 o 200 mcg

**Gaano karami at kailan?**
**Para sa malakas na pagdurugo matapos manganak**: Magpasok ng 1,000 mcg sa tumbong (puwit).

**Para sa medikal na pagpapalaglag o malakas na pagdurugo matapos magpalaglag**: Magpasok ng 800 mcg nang malalim sa puwerta. Ulitin kung hindi magsimula ang pagdurugo matapos ang 24 oras. Kung hindi pa rin magsimula ang pagdurugo, maghintay ng 2 linggo at subukan ulit.

**Sino ang hindi dapat gumamit?**
Matapos ang ika-3 buwan, hindi na ito dapat gamitin ng babae para tapusin ang pagbubuntis. Maaaring mapunit o mabiyak ng gamot ang matris.

**Side effects**
Maaaring magdulot ng pagkaduwal, pagsusuka, pagtatae at pagsakit ng ulo. Kung nagpapasuso, magdudulot ito ng pagtatae sa sanggol.

**Babala**
Huwag gamitin para pasimulan ang paglabor: kahit sobra lang nang kaunti ang magamit, puwedeng mapunit o mabiyak ang matris.

**Impormasyon na dapat malaman**
Para sa pagpapalaglag, mas kaunti ang pagkaduwal kung ipapasok sa puwerta kumpara sa iinumin. Tatagal ng ilang oras hanggang ilang araw bago makumpleto ang pagpapalaglag gamit ang misoprostol. Madalas hindi nangyayari ang kompletong aborsyon. Magpatingin sa isang health worker matapos magsimula ang pagdurugo para masimot ang laman ng matris.

**Palatandaan ng sobrang paggamit**
Matinding sakit sa tiyan at sobrang lakas na pagdurugo. Humingi agad ng tulong medikal.

## nitrofurantoin *(Macrodantin)*

MAG-INGAT

Isa itong antibiotic na ginagamit para lunasan ang mga impeksyon sa bato at pantog.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Tabletas**: 25, 50 o 100 mg<br>**Suspension**: 25 mg bawat 5 ml | **Side effects** | Pagkaduwal o pagsusuka, pananakit ng ulo, pag-utot. Para malimitahan ang mga ito, isabay sa gatas o pagkain. |
| **Gaano karami at kailan?** | **Impeksyon sa pantog**: 100 mg 2 beses bawat araw sa 3 araw. | **Palatan-daan ng sobrang paggamit** | Pagsusuka, pananakit ng dibdib. Maaaring maging kulay madilim na dilaw o tsokolate ang ihi. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Mga taong hindi maayos ang paggana ng bato bago nagkaimpeksyon. Mga babae na nasa huling buwan ng pagbubuntis | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Impeksyon sa pantog**: cotrimoxazole |

## norfloxacin *(Fasqilon, Flamorel, Heiwin, Jaydisyn, Lexiflox, Norex, Nortram, NRX, Pharex, Septinor, Uritracin, Utiflox, Utinor, Winaflox)*

Isa itong antibiotic mula sa quinolone na pamilya na ginagamit para lunasan ang tulo (gonorrhea), impeksyon sa pantog at bato, at mga seryosong kaso ng pagtatae.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Tabletas**: 400 mg | **Side effects** | Maaaring magdulot ng pagkahilo at mapalakas ang epekto ng caffeine. Para malimitahan ito, inumin 1 oras bago kumain o 2 oras pagkatapos. |
| **Gaano karami at kailan?** | **Impeksyon sa pantog**: Gumamit ng 1 tableta 2 beses bawat araw sa 3 araw.<br>**Impeksyon sa bato**: Uminom ng 1 tableta 2 beses bawat araw, 1 oras bago kumain o 2 oras pagkatapos, sa 10 araw<br>**Gonorrhea o lumalabas sa puwerta dahil sa INP**: Uminom ng 400 mg isang beses lang (tingnan sa p. 277 at 278 para sa kombinasyon ng gamot na panlunas sa INP).<br>**Pagtatae sa taong may AIDS**: Uminom ng 400 mg isang beses lang. | **Babala** | Isabay sa maraming tubig. Huwag gamitin na kasabay ng antacid o bitamina't mineral na may iron o zinc. Kung magkakaroon ka ng allergic na reaksyon, itigil ang paggamit. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Hindi dapat gumamit ng norfloxacin ang mga babaeng buntis, nagpapa-suso, o sinumang mas bata sa 16 na taon. Hindi rin dapat gumamit nito ang mga taong may allergy sa mga quinolone na antibiotics. | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Impeksyon sa pantog o bato**: cefixime, ceftriaxone, ciprofloxacin, cotrimoxazole, gentamycin<br>**Gonorrhea**: ciprofloxacin, ceftriaxone, cefixime, cotrimoxazole, doxycycline, spectinomycin<br>**Pagtatae sa taong may AIDS**: metronidazole, cotrimoxazole |

## nystatin *(Afunginal, Maicostat, Mycostatin)*


Isa itong gamot na pamatay ng fungus na ginagamit na panlunas sa yeast na impeksyon sa bibig (thrush), puwerta o balat.

**Anu-anong anyo ang gamot?**



**Inserts**: 100,000 U
**Lozenges para sa bibig**: 200,000 U
**Cream**: 100,000 U bawat gram
**Likido**: 100,000 U bawat ml

**Gaano karami at kailan?**



**Impeksyon sa bibig o lalamunan**: Sa loob ng 3 o 4 na beses bawat araw, maglagay ng 1 ml ng likido sa bibig at imumog sa magkabilang panig ng bibig nang 1 minuto, at lulunin. **Gawin sa loob ng 5 araw**.

**Impeksyon sa balat**: Panatilihing tuyo at lagyan ng cream 3 beses bawat araw hanggang sa mawala ang butlig-butlig.

**Impeksyon sa puwerta**: Maglagay ng cream sa loob ng puwerta 2 beses bawat araw sa 10–14 na araw; o magpasok ng 100,000 U insert sa puwerta bago matulog sa 14 na gabi.

**Para sa lumalabas sa ari na hindi galing sa INP (impeksyon na naihahawa sa pagtatalik)**: magpasok ng 100,000 U insert sa puwerta bago matulog sa 7 na gabi.

**Babala**



Kung magkaroon ng iritasyon dahil sa nystatin, ihinto ang paggamit. Iwasan ang pagtatalik sa 3–4 na araw para hindi maipasa ang impeksyon sa partner.

**Impor-masyon na dapat malaman**



Tumatalab lang ang **nystatin** sa candida na yeast na impeksyon, samantalang ang **miconazole** ay tumatalab dito at sa iba pang fungal na impeksyon. Maaaring mas mura at madaling gamitin ang **clotrimazole**.


**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Yeast na impeksyon**: miconazole, ketoconazole, clotrimazole, vinegar o Gentian Violet

## oxytocin *(Comxytocin, Estima, Evatocin, Fetusin, Lavoxin, NeOxyn, Obcin, Otoxin, Oxitone, Oxtimon, Oxymed, Oxyten, Roxipan, Solvoxine, Syntocinon, Syntox, Tocinox, Tranoxy)*


Ginagamit ito para umimpis ang matris at mga ugat nito para makontrol ang matinding pagdurugo matapos manganak o kung lumampas sa 1 oras na hindi lumalabas ang inunan (placenta).

**Anu-anong anyo ang gamot?**



**Pang-iniksyon**: 10 Units sa 1 ml

**Gaano karami at kailan?**



**Mag-iniksyon ng 10 Units sa nanay sa malaking kalamnan matapos mailabas ang sanggol**. **Ulitin matapos ang 10 minuto kung kailangan**.

**Side effects**



Puwedeng pahilabin ng oxytocin ang matris nang napakalakas na hindi na ito makarelaks pagkatapos at maaari pang mapunit. Puwede ring magdulot ng mataas na presyon ng dugo ang oxytocin.

**Babala**



Huwag gamitin ang gamot na ito para magpalaglag dahil maaaring mapatay muna nito ang babae bago pa magdulot ng aborsyon. (Tingnan ang Kabanata 15, “Pagpapalaglag.”)

Ang paggamit ng oxytocin para pabilisin ang labor o palakasin ang nanay na naglalabor ay maaaring delikado sa nanay at sa sanggol. Huwag ibigay bago makalabas ang sanggol.


**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Matinding pagdurugo matapos manganak**: ergometrine, misoprostol

## paracetamol, acetaminophen *(Acet, Acetadol, Aeknil, Alvedon, Anaseran, Baropyrine, Biogesic, Biopain, Calpol, Clocephen, Cloxina, Corgic, Detramol, Dolexpel, Dolonil, Febrinil, Gendol, Geran, Gifaril, Lafayette, Lexalgin, Medgenol, Myremol, Napalgin, Napran, Naprex, Neo-Kiddielets, Nordex, Opigesic, Para-4-Kids, Paracef, Parvid, Phil Pharmawealth, Poro, PRC, Rapidol, Rexidol, Riber, RiteMED, Rongesic, Saridon, Selegesic, Sinomol, Tempain, Tempcaire, Tempra, Teramol, Tylenol, Ultragesic, Ultra, United Home, Zestagesic)*

Ang acetaminophen at paracetamol ay 2 pangalan para sa parehong gamot na pambawas ng pananakit at lagnat. Isa ito sa pinakaligtas na pamawi ng pananakit. Hindi ito nagdudulot ng iritasyon sa sikmura kaya maaaring gamitin kapalit ng aspirin o ibuprofen ng mga taong may ulser sa sikmura. Magagamit din ito ng mga buntis na babae, at ligtas sa mababang dose para sa mga bata.

**Anu-anong anyo ang gamot?**



**Tabletas**: 100, 325 at 500 mg
**Likido**: 120 o 160 mg bawat 5 ml
**Inserts**: 80, 120, 300, 325 o 650 mg
**Drops**: 80 mg bawat 0.8 ml

**Gaano karami at kailan?**



**500–1,000 mg, iinumin nang 4–6 na beses bawat araw batay sa pangangailangan.**

**Sino ang hindi dapat gumamit?**



Huwag gamitin kung may pinsala sa atay o bato.

**Babala**



Humingi ng tulong medikal kung lalampas sa 3 araw ang lagnat o pananakit. Puwedeng makasira ng atay ang paracetamol kung sobrang dami ang gagamitin o kung regular na sinasabay bago o matapos uminom ng alkohol (inuming nakalalasing). Maaring napakadelikado ang pag-overdose.

**Side effects**



Hindi pinapagaling ng paracetamol ang sakit; pinapahupa lang nito ang pananakit o lagnat. Mahalagang matuklasan ang sanhi ng pananakit o lagnat at iyon ang pagalingin.

**Palatandaan ng sobrang paggamit**



Pagkaduwal
Pagsusuka
Pananakit sa tiyan


**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**Pananakit, lagnat o pamamaga**: aspirin, ibuprofen (huwag gumamit ng alinman sa dalawang ito kung buntis)
**Matinding pananakit**: codeine

## penicillin, phenoxymethylpenicillin *(Sumapen)*

Ito ay antibiotic na ginagamit na panlunas sa impeksyon sa bibig, ngipin, balat, matris at maraming iba pa. Kaya lang, laganap na ang nabuong resistensya sa penicillin at bawas na ang pakinabang nito kumpara noon.

**Anu-anong anyo ang gamot?**



**Tabletas**: 250, 500 mg
**Likido**: 125 o 250 mg bawat 5 ml

**Gaano karami at kailan?**



**Impkesyon sa matris matapos manganak: 250 mg (na katumbas ng 400,000 U), iinumin 4 na beses bawat araw sa 7 araw (sabayan din ng iba pang gamot para sa impeksyon sa matris, tingnan sa p. 97).**

**Impeksyon sa balat o sa mga pagsusugat (sores): 250 mg, iinumin 4 na beses bawat araw sa 10 araw.**

**Sino ang hindi dapat gumamit?**



Huwag gumamit kung may allergy sa anumang antibiotic mula sa pamilya ng penicillin.

**Side effects**



Pamamantal o pagbubutlig

**Babala**



Bantayan ang allergic na reaksyon at allergic na shock (tingnan sa p. 545).

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**

**impeksyon sa balat**: dicloxacillin, erythromycin
**impeksyon matapos manganak**: ampicillin, clindamycin, gentamicin, metronidazole

## podophyllin, podophyllum *(Condylox, Podofilm, Podowart)*

Isa itong likido na nilalagay direkta sa kulugo sa ari para paliitin o paimpisin.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Likido**: 10%–25% | **Babala** | Huwag gamitin sa dumudugong kulugo, birthmark, nunal, kulugo na may buhok, o sa bibig. Kung mairita nang matindi ang balat, huwag na gamitin ulit. |
| **Gaano karami at kailan?** | Ipahid ang likido sa kulugo gamit ang bulak o malinis na tela na binilot para may maliit na dulo. Pagkalipas ng 4 na oras, maingat na hugasan ng sabon at tubig para maalis. Gamitin minsan bawat linggo sa loob ng 4 na linggo. | **Impor-masyon na dapat malaman** | Malakas maka-irita ng normal na balat ang podophyllin. Kaunti lang ang ipahid (0.5 ml o mas kaunti pa) sa bawat paggamit. Protektahan ang balat sa palibot ng kulugo ng petroleum gel bago magpahid. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Huwag gumamit kung buntis o nagpapasuso | **Palatan-daan ng sobrang paggamit** | Pagkaduwal, pagsusuka, masakit na tiyan, pagtatae. Kung masobrahan, puwedeng magdulot ng pagnipis, pagkapunit at pagdugo sa balat. |
| **Side effects** | Maaaring magdulot ng matinding iritasyon sa balat. | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Kulugo sa ari**: trichloracetic acid, bichloracetic acid |

## probenecid

MAG-INGAT

Ginagamit katambal ng ilang antibiotic mula sa pamilya ng penicillin, dinadagdagan ng probenecid ang kantidad ng penicillin sa dugo at pinapahaba ang pagtagal, kaya nadadagdagan ang bisa ng panlunas.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Tabletas**: 500 mg | **Side effects** | Minsan nagdudulot ng sakit ng ulo, pagkaduwal o pagsusuka. |
| **Gaano karami at kailan?** | Uminom ng 500 mg hanggang 1 gram tuwing gagamit ng antibiotic mula sa pamilya ng penicillin. | **Babala** | Mag-ingat kung buntis o nagpapasuso, o kung may ulser sa sikmura. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Huwag ibigay sa bata na kulang sa 2 taon ang edad. | **Palatan-daan ng sobrang paggamit** | Pagsusuka |

## procaine penicillin, benzylpenicillin procaine *(Penadur)*

Isa itong antibiotic na ginagamit para lunasan ang impeksyon sa matris at iba pang mga impeksyon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Iniksyon**: vial ng 300,000, 400,00 o 600,000 Units<br>**Powder na tinitimpla para sa iniksyon**: 1 gram = 1 million Units | **Side effects** | Ingatan ang paggamit kung may hika. Huwag isabay sa tetracycline. Huwag na huwag iiniksyon sa ugat (vein). |
| **Gaano karami at kailan?** | **Lagnat habang nagbubuntis: Mag-iniksyon ng 1.2 million Units sa kalamnan tuwing 12 oras habang dinadala ang babae para makakuha ng tulong medikal. Para mabawasan ang sakit, huwag ulitin ang pag-iniksyon sa parehong lugar.** | **Impor-masyon na dapat malaman** | Kung isasabay sa probenecid, tataas ang dami ng penicillin sa dugo at mas matagal na mananatili, kaya mas mabisa ang panlunas. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Huwag gumamit kung may allergy sa anumang antibiotic mula sa pamilya ng penicillin. | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Lagnat habang nagbubuntis**: ampicillin |

## progesterone, progestin

Ang progestin ay kemikal na nasa kontraseptibong pildoras at iniksyon. Kahawig nito ang hormone na progesterone na ginagawa ng katawan ng babae. Ginagamit din itong panlunas sa hindi regular na regla o pagdurugo na dulot ng paiba-ibang lebel ng mga hormone. Para sa impormasyon tungol sa kontraseptibong pildoras, iniksyon at pang-emerhensyang pildoras, ***tingnan ang Kabanata 13** at **p. 521 – 524***.

## promethazine *(Metagon, Pharmasan, Phenerzin, Promezin, Zinmet)*

MAG-INGAT

Isa itong antihistamine na nagpapatuyo ng mucus o sipon at nagpapaantok. Ginagamit ito para sa mga allergic na reaksyon, para pampatulog sa gabi, at para mapahinto ang hindi makontrol na pagsusuka.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Tabletas**: 10, 12.5, 25 o 50 mg<br>**Syrup**: 5 mg bawat 5 ml<br>**Iniksyon**: ampules na 25 o 50 mg sa 1 ml<br>**Inserts sa puwit**: 12.5, 25 o 50 mg | **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Hindi dapat gumamit para sa matagalang paglunas ang mga buntis at nagpapasusong babae. Huwag gamitin kung kailangan na manatiling alerto. |
| **Gaano karami at kailan?** | **Katamtamang allergic na reaksyon**: Magbigay ng 25 mg, iinumin o iiniksyon sa kalamnan. Ulitin matapos ang 8 oras o mas maaga pa kung kailangan.<br>**Allergic shock**: Mag-inikyson ng 50 mg sa kalamnan. Ulitin matapos ang 8 oras o mas maaga pa kung kailangan. (Tingnan ang p. 541 para sa impormasyon sa paglunas sa allergic na reaksyon at shock.)<br>**Pagsusuka**: Mag-iniksyon ng 25–50 mg tuwing 6 na oras ayon sa pangangailangan.<br>**Pampatulog**: Uminom ng 25–50 mg sa oras ng pagtulog. | **Side effects** | Madalas nagdudulot ng panunuyo ng bibig at malabong paningin. Minsan nagdudulot ng pagkislot (twitching) ng katawan, mukha at laluna ng mata at leeg. |
| | | **Babala** | Dapat maingat ang paggamit nito ng mga buntis at nagpapasusong babae. Huwag magmaneho o magpatakbo ng makinarya kung gumagamit nito. |
| | | **Palatan-daan ng sobrang paggamit** | Pagkawala ng malay, kombulsyon (seizure) |
| | | **Iba pang gamot na maaaring tumalab** | **Allergy o allergic na reaksyon**: diphenhydramine, hydroxyzine |

## pyrazinamide *(Midazen, Pharex, Pyramin, Pyrasol, Pyrazin, PZA-Ciba, RiteMED, Zapedia, Zcure, Zinaplex)*

Gamot ito na panlunas sa tuberkulosis (TB). ***Tingnan ang Kabanata 25.***

**Anu-anong anyo ang gamot?**
**Tabletas**: 500 mg

**Gaano karami at kailan?**
Magkakaiba at naayon sa bansa ang dosis ng gamot para sa tuberkulosis. Magpatingin sa isang health worker. (Dapat gamitin ang pyrazinamide na kakombinasyon ng iba pang mga gamot. Tingnan ang p. 389).

**Sino ang hindi dapat gumamit?**
Hindi dapat gumamit ang taong may pinsala sa atay o hepatitis.

**Side effects**
Madilaw na balat o mata, lagnat, kawalan ng gana, pagod, pamamaga ng atay, gout o rayuma. Kung may alinman sa mga problemang ito, humingi ng tulong medikal.

**Babala**
Dapat iwasan ang gamot na ito ng buntis at nagpapasusong babae dahil hindi pa alam ang epekto nito sa sanggol. Napakahalaga na tapusin ang buong takdang gamutan ng TB. Kung hindi, maaaring mahawa mo ang ibang tao, o magkasakit ka muli ng klase ng TB na napakahirap pagalingin.

## rifampicin *(Biogenerics, Boie, Crisarfam, Fampisec, Framacin, Lafayette, Medifam, Natricin, Odifam, Pharex, Refam, Rexilan, Rifacin, Rifadin, Rifamax, Rifanid, Rimactane, Rimaped, Riprocin, RiteMED)*

MAG-INGAT

Isa itong antibiotic na panlunas sa TB ***(tingnan ang Kabanata 25)*** at iba pang klase ng impeksyon, kasama na ang ketong (leprosy).

**Anu-anong anyo ang gamot?**
**Tabletas**: 150 o 300 mg
**Likido**: 50 mg bawat 5 ml
**Ampules na pang-iniksyon**: 600 mg

**Gaano karami at kailan?**
Magkakaiba at naayon sa bansa ang dosis ng gamot para sa tuberkulosis. Magpatingin sa isang health worker. (Dapat gamitin ang rifampicin na kakombinasyon ng iba pang mga gamot. Tingnan ang p. 389).

**Sino ang hindi dapat gumamit?**
Hindi dapat gumamit nito ang mga taong may pinsala o sakit sa atay.

**Side effects**
- Pagkaduwal, pagsusuka, kawalan ng gana, pagtatae, pulikat
- Pag-init ng mukha, pangangati, pamamantal o pagbubutlig
- Masakit ang ulo, lagnat, pangangatog, masakit ang buto
- Madilaw ang balat o mata

Maliban sa paninilaw ng balat o mata, madalas lumalabas ang mga side effects na ito 2–3 oras matapos maggamot at minsan naiiwasan kung isasabay sa pagkain ang gamot.

**Impormasyon na dapat malaman**
Maaring gawing kulay red-orange ang ihi, tae, luha, pawis o laway. Magmamantsa din sa mga contact lens.

Napakahalaga na tapusin ang buong takdang gamutan ng TB. Kung hindi, maaaring mahawa mo ang ibang tao, o magkasakit ka muli ng klase ng TB na napakahirap pagalingin.

## spectinomycin *(Kirin, Spectin, Trobicin)*

Isa itong malakas na aminocyclitol antibiotic na pinanlulunas sa karamihan ng klase ng gonorrhea, pero hindi ito tumatalab sa gonorrhea sa lalamunan. Kapakipakinabang ito laluna sa mga taong may allergy sa penicillin at cephalosporin na antibiotics.

**Anu-anong anyo ang gamot?**
**Vials na pang-iniksyon**: 2 grams

**Gaano karami at kailan?**
**Gonorrhea o PID**: Mag-iniksyon ng 2 g (2,000 mg) sa kalamnan, isang beses lang. (Tingnan ang p. 268 at 275 para sa kombinasyon ng gamot na panlunas sa ganitong mga problema.)

**Side effects**
Pangangatog, masakit o namumula ang lugar na tinusok ng iniksyon, pagkahilo, pagkaduwal.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**
**Gonorrhea**: cefixime, ceftriaxone, ciprofloxacin, cotrimoxazole, doxycycline
**PID**: cefixime, ceftriaxone, ciprofloxacin, doxycycline, metronidazole, tetracycline

## streptomycin *(Biolab, Phil Pharmawealth)*

Isa itong antibiotic mula sa pamilyang aminoglycoside na panlunas sa tuberkulosis (TB), na iniiniksyon sa kalamnan. Ginagamit ito para sa TB na kakombinasyon ng iba pang mga gamot. ***Tingnan ang Kabanata 25.***

**Anu-anong anyo ang gamot?**
**Likido na pang-iniksyon**: 400 mg bawat ml

**Gaano karami at kailan?**
Magkakaiba at naayon sa bansa ang dosis ng gamot para sa tuberkulosis. Magpatingin sa isang health worker. (Dapat gamitin ang streptomycin na kakombinasyon ng iba pang mga gamot. Tingnan ang p. 389).

**Sino ang hindi dapat gumamit?**
Hindi ito dapat gamitin ng buntis na babae dahil puwedeng magdulot ng pagkabingi ng sanggol. Hindi rin dapat gumamit ang mga taong may allergy sa antibiotics mula sa aminoglycoside na pamilya tulad ng gentamicin. Dapat mag-ingat sa paggamit ang mga taong may problema sa bato (kidneys).

**Side effects**
Puwedeng puminsala sa pandinig o pagbalanse ng katawan, at magdulot ng mga pamamantal.

**Impor-masyon na dapat malaman**
Magguwantes kung madalas na hahawak sa gamot na ito dahil nakakapagdulot ito ng matinding pagbubutlig o pamamantal.

Napakahalaga na tapusin ang buong takdang gamutan ng TB. Kung hindi, maaaring mahawa mo ang ibang tao, o magkasakit ka muli ng klase ng TB na napakahirap pagalingin.

## tetanus toxoid *(Anatetall, Global Pharmatrade Anti-Tetanus, Imatet, T-Vac, Tetavax, Tetliv, Tetox, Tet-vac)*

Isa itong bakuna na ibinibigay para mapigilan ang tetanus na impeksyon. Maaari itong ibigay habang o pagkatapos magbuntis, o pagkatapos magpalaglag. Kung mabibigyan ang babae ng 2 iniksyon (o mas mahusay pa, 3 iniksyon) habang buntis, mapipigilan ding kapitan ng mabagsik na impeksyong ito ang bagong silang na sanggol.

**Anu-anong anyo ang gamot?**
**Likido na pang-iniksyon**: 4, 5 o 10 U bawat 0.5 ml

**Gaano karami at kailan?**
Para habangbuhay na maging ligtas sa tetano, kailangan ng 5 iniksyon ng bakuna, at pagkatapos ay 1 iniksyon tuwing 10 taon.

Sa bawat pagbakuna: Magbigay ng 1 iniksyon ng 0.5 ml sa kalamnan ng braso.

**Side effects**
Pananakit, pamumula, mainit-init, bahagyang pamamaga.

**Impor-masyon na dapat malaman**
Dapat bakunahan ang lahat laban sa tetano, simula sa pagkabata. Sa mga bata, madalas binibigay ang bakuna sa tetano kasama sa isang kombinasyong bakuna na tinatawag na DPT. Ang tatlong DPT na bakuna ay katumbas ng unang 2 tetanus toxoid na bakuna.

Para sa mga teenager at nakatatanda, puwedeng ang kombinasyong Td (tetanus-diphtheria) na bakuna ang gamitin. Eto ang gabay sa pinakamaikling panahon sa pagitan ng pagbakuna para sa mga nakatatanda (adults):

| | |
|---|---|
| Una | Pinakamaagang kakayanin |
| Ikalawa | 4 na linggo matapos ang una |
| Ikatlo | 6 na buwan matapos ang ikalawa |
| Ika-apat | 1 taon matapos ang ikatlo |
| Ikalima | 1 taon matapos ang ika-apat |
| Booster | Tuwing 10 taon tapos ng huling iniksyon |

## tetracycline *(Metrocycline, Moncycline, RiteMED Tetracycline, Traxetrine)*

Isa itong antibiotic mula sa tetracycline na pamilya. Pinanlulunas ito sa maraming impeksyon, kasama na ang chlamydia, syphilis, PID, impeksyon sa bato at pantog, impeksyon sa hingahan, pagtatae at iba pa. Tumatalab din ang doxycycline sa parehong mga impeksyon, mas mura at mas madaling gamitin *(tingnan ang p. 499)*.

**Anu-anong anyo ang gamot?**
**Kapsula**: 100, 250 o 500 mg
**Ointment**: 1%

**Gaano karami at kailan?**
**Chlamydia**: 500 mg 4 na beses bawat araw sa 7 araw (sabayan din ng iba pang mga gamot, tingnan sa p. 268).
**Syphilis**: 500 mg 4 na beses bawat araw sa 14 na araw.
**PID**: 500 mg 4 na beses bawat araw sa 14 na araw (sabayan ng iba pang mga gamot, tingnan sa p. 275).
**Pangangalaga sa mata ng sanggol**: maglagay ng kaunting ointment sa bawat mata pagkapanganak, isang beses lang.

**Sino ang hindi dapat gumamit?**
Huwag gamitin kung buntis o nagpapasuso. Huwag ibigay sa bata na kulang sa 9 na taon, maliban sa pangangalaga sa mata ng sanggol. Huwag gamitin kung may allergy sa antibiotics mula sa tetracycline na pamilya.

**Babala**
Huwag gamitin kung hanggang 1 oras pa lang nakakain ng produktong mula sa gatas o nakagamit ng antacid. Huwag gamitin kung paso (expired).

**Impormasyon na dapat malaman**
Hindi tumatalab ang tetracycline sa sipon o sa pagpigil sa INP (impeksyon na naihahawa sa pagtatalik).

**Side effects**
Kung madalas na nakabilad sa araw, puwedeng magdulot ito ng pagbubutlig ng balat. Maaari ding magdulot ng pagtatae o pagkasira ng sikmura.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**
**Chlamydia**: amoxicillin, azithromycin, doxycycline, erythromycin
**PID**: cefixime, ceftriaxone, ciprofloxacin, doxycycline, metronidazole, spectinomycin
**Pangangalaga sa mata ng sanggol**: erythromycin ointment
**Syphilis**: benzathine penicillin, doxycycline, erythromycin

## tinidazole *(Asiazole-TN, Fasigyn, Idazole, Tindol)*

MAG-INGAT

Ginagamit ito para sa impeksyon sa puwerta na dulot ng trichomonas. Mabisa rin ito laban sa ilang ameba, parasitiko at giardia. Kahawig ito ng metronidazole pero hindi kasingtagal ang paggamit.

**Anu-anong anyo ang gamot?**
**Tabletas**: 250 mg, 500 mg

**Gaano karami at kailan?**
**Trichimonas**: Uminom ng 2 grams, isang beses lang, kung hindi buntis. **Kung buntis**, uminom ng 500 mg, 2 beses bawat araw sa 5 araw.

**Side effects**
May lasang bakal sa bibig, pagkasira ng sikmura o pagkaduwal, masakit ang ulo.

**Babala**
Dapat magamot din ang sekswal na kapartner. Huwag uminom ng alkohol, kahit isang beer lang, habang gumagamit ng tinidazole at hanggang 3 araw pagkatapos gumamit. Makakaramdam ka ng sobrang pagkaduwal. Iwasan ito sa unang 3 buwan ng pagbubuntis.

**Impormasyon na dapat malaman**
Uminom ng isang basong tubig matapos gumamit.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**
**Trichimonas**: clindamycin, metronidazole

## trichloroacetic acid, bichloroacetic acid

Maaaring gamitin ang trichloroacetic acid o bichloroacetic acid para lunasan ang kulugo sa ari.

**Anu-anong anyo ang gamot?**
Likido sa timpla na 10% hanggang 35%

**Gaano karami at kailan?**
Ipahid sa kulugo lang minsan bawat linggo sa loob ng 1–3 linggo, hangga't kailangan.

**Side effects**
Makakasakit o makakapinsala ang trichloroacetic acid sa normal na balat kung matatapunan.

**Babala**
Ingatan nang husto. Puwede nitong masunog nang malubha ang normal na balat at magdulot ng peklat

**Impormasyon na dapat malaman**
Protektahan muna ang paligid ng kulugo ng petroleum gel. Tapos pahiran ng trichloroacetic acid ang kulugo. Sasakit ng 15–30 minuto. Kung matatapunan ang normal na balat, hugasan ng sabon at tubig, at puwede ring lagyan ng pulbos o baking soda.

**Iba pang gamot na maaaring tumalab**
**Kulugo sa ari**: podophyllin

## GAMOT PARA SA AIDS

Sa pahina 291, naglabas kami ng impormasyon tungkol sa gamot na panlunas sa AIDS, na tinatawag na antiretroviral (ARV) na gamot. Makakatulong ang mga gamot na ito sa taong may AIDS na mabuhay nang mas mahaba at mas malusog. Ginagamit bilang kombinasyon ng hindi bababa sa 3 gamot, tinatawag itong AntiRetroviral Therapy o ART. Nasa bahaging ito ang impormasyon tungkol sa mga karaniwang kombinasyon ng gamot para sa ART.

### *Pangangalaga sa Taong may HIV at mga ART na Programa*

Komplikadong sakit ang HIV/AIDS na umaapekto sa lahat ng bahagi ng katawan. Kapag nagpositibo sa HIV test, sikapin agad na makakita ng programa sa HIV na pangangalaga na may mga sanay na health worker na regular na titingin sa iyo at tutulong na manatiling malusog. Makukuha sa ganitong programa ng mga gamot para pigilan at lunasan ang mga sakit na dulot ng HIV, counseling at iba pang suporta. Matutulungan kang magsimula ng ART, lunasan ang anumang side effects, at baguhin ang ART kung hindi mabisa. Mas tiyak at mura ang pagkuha ng mga gamot mula sa ART na programa kaysa bumili sa pribadong sektor.

### *Kailan kailangan ang ART?*

Hindi kailangan ang ART ng taong may HIV na malusog pa ang sistemang pananggalang (immune system). Kailangan lang ang ART ng taong positibo sa HIV test at nagsimula nang magkaroon ng palatandaan ng AIDS, o kung hindi na maayos ang takbo ng immune system. Mapapakita ng test sa dugo na tinatawag na *CD4 count* kung gaano kaayos ang takbo ng immune system. Kung may ganitong test sa inyong lugar, at mababa sa 200 ang CD4 count mo, puwedeng magpasya ka kasama ang health worker kung kailan mo sisimulan ang ART.

**Bago mag-ART, mahalagang pag-usapan ninyo ng health worker ang mga ito:**

- Nag-ARV ka na ba dati? Makakaapekto ito sa klase ng gamot na gagamitin ngayon.
- May anumang sakit o nararamdaman ka ba, tulad ng TB, malubhang impeksyon o lagnat? Baka kailangan munang lunasan iyon.
- Ano ang mga benepisyo, panganib at posibleng side effects ng ART? Sikaping makipag-usap sa taong gumagamit na ng ART, at sa iyong health worker.
- Handa ka bang uminom ng mga gamot araw-araw, sa tamang oras? Kailangan ito para tumalab ang ART.
- May suporta ka ba mula sa isang taong pinagkakatiwalaan o isang HIV/AIDS na grupong damayan (support), na mahihingan mo ng impormasyon at tulong?

Tiyakin na alam mo kung saan magpapatulong kung may problema sa pagkuha ng ART, may problema sa mga side effects, o kailangan ng lunas sa ibang problema sa kalusugan.

**Huwag** simulan nang mag-isa ang paggamit ng ARV. Baka mali para sa iyo ang mapili at magdulot ng seryosong side effects.

**Huwag** isalo sa suplay mo ng ARV ang iba, kahit na ang iyong partner o anak. Puwedeng hindi gumana ang gamot kung mas kaunti sa rekomendadong dose ang gagamitin, at mapahamak ka at ang taong kasalo mo.

**Huwag** bumili ng ARV sa sinumang hindi bahagi ng aprobadong programa sa ART o pangangalaga sa may HIV.

## *Kombinasyon ng mga ARV (mga ART regimen)*

Epektibo lang ang mga ARV kung gagamitin na kombinasyon (regimen) ng hindi bababa sa 3 gamot. Naglista kami ng 4 na karaniwang kombinasyon sa ibaba, at saka nagbigay ng dagdag na impormasyon sa bawat gamot. Sa pagdami ng kaalaman sa HIV at kung paano ito mapabagal o mapahinto, magbabago ang mga kombinasyon. Tanungin sa health worker kung anong mga gamot ang pinakamabisa at makukuha sa inyong lugar.

Ang 4 na kombinasyon sa ibaba ang pinakakaunti ang side effects at pinakaligtas at madali ang paggamit dahil maiinom may kasabay man na pagkain o wala. Pinakamura at madaling matagpuan din ang mga ito. Ang ibang kombinasyon ay nasa iisang pildoras (lahat ng 3 gamot, o 2 sa 3), at tinatawag na *Fixed Dose Combination* (may halimbawa sa ibaba).

### Paano Gamitin ang ART

- Anumang kombinasyon ang gagamitin, inumin ang 3 gamot araw-araw sa parehong oras.
- Kung kailangan na 2 beses bawat araw ang mga gamot, kailangan may 12 oras sa pagitan ng 2 dose. Halimbawa, kung 6:00 ng umaga ang unang dose, kailangan 6:00 ng gabi inumin ang ikalawang dose. Kung lalampas ng 12 oras ang pagitan, maaaring magkaroon ng resistensya sa gamot dahil may ilang oras na kaunti ang gamot na nasa katawan.
- Kung nalimutang maggamot sa takdang oras, sikaping habulin kung hindi pa lampas ng 5 oras. Kung higit 5 oras na ang pagkahuli, hintayin na lang ang oras ng susunod na dose.
- Huwag itigil ang anumang gamot na bahagi ng ART na kombinasyon na hindi nagko-konsulta sa health worker kung hiwahiwalay o sabay-sabay ang pagtigil ng gamot.

### Side effects ng ART

Nakatulong na ang ART sa maraming tao na mabuhay nang mas mahaba at malusog. Pero tulad ng maraming gamot, may side effects ang mga ARV. Maraming tao ang nakaranas na habang nasasanay ang katawan sa gamot, nababawasan ang side effects at maaaring mawala nang tuluyan. Ilan sa mga karaniwang side effects ang pagtatae, pagod, sakit ng ulo, at problema sa sikmura tulad ng pagkaduwal, pagsusuka, masakit ang tiyan o walang ganang kumain. Kahit na masama ang pakiramdam, ituloy ang pag-inom ng lahat ng gamot hanggang magsabi ang health worker mo na baguhin o itigil.

Palatandaan ang ilang side effects na kailangang baguhin ang gamot. Kasama sa seryosong side effects ang pakiramdam na nangingilo o napapaso sa kamay at paa, lagnat, paglabas ng pantal o butlig, madilaw na mata, pagod kasabay ng kinakapos sa paghinga, anemya at iba pang problema sa dugo, at mga problema sa atay. Kung mayroon kang seryosong side effects, magpatingin kaagad sa health worker.

**ARV na Kombinasyon para sa Nakatatanda at Kabataan (hindi sa mga bata)**

**d4T** (***Stavudine***), 30 o 40 mg **+** **3TC** (***Lamivudine***), 150 mg **+** **NVP** (***Nevirapine***), 200 mg
May pildoras na nagkokombina ng 3 gamot na ito na may brand na *Triomune, Emtri, at iba pa.*

**O KAYA**

**d4T** (***Stavudine***), 30 o 40 mg **+** **3TC** (***Lamivudine***), 150 mg **+** EVF (Efavirenz), 600 mg, 1 beses kada araw

**O KAYA**

AZT (***ZDV, Zidovudine***), 300 mg **+** **3TC** (***Lamivudine***), 150 mg **+** **NVP** (***Nevirapine***), 200 mg
May pildoras na nagkokombina ng AZT at 3TC na may brand na *Combivir, Duovir, Zidolam at iba pa.*

**O KAYA**

AZT (***ZDV, Zidovudine***), 300 mg **+** **3TC** (***Lamivudine***), 150 mg **+** EVF (Efavirenz), 600 mg, 1 beses kada araw
May pildoras na nagkokombina ng AZT at 3TC na may brand na *Combivir, Duovir, Zidolam at iba pa.*

## efavirenz, EFV *(Stocrin, Efavir, Efcure)*

MAG-INGAT

Isa itong antiretroviral (ARV) na ginagamit kakombinasyon ng iba pang mga ARV para panlunas sa AIDS.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Kapsula**: 50 mg, 100 mg, 200 mg<br>**Tabletas**: 600 mg<br>**Oral solution**: 150 mg bawat 5 ml | **Babala** | Kung ibibigay sa taong gumagamit din ng rifampicin, kailangan ng mas mataas na dose ng EFV (800 mg sa halip na 600 mg). |
| **Gaano karami at kailan?** | 600 mg, isang beses bawat araw | **Side effects** | Maaaring magdulot ng pagkahilo, pagkalito, pagbabago ng emosyon, at kakaibang panaginip, pero madalas mawawala ang mga ito matapos ang ilang linggo. Kung hindi, ikonsulta sa isang health worker. Magpatingin kaagad kung may paninilaw ng mata o matinding pagkalito. |
| **Sino ang hindi dapat gumamit?** | Hindi dapat gamitin sa unang 3 buwan ng pagbubuntis. Nakakapag-dulot ng depekto sa dinadala. Dapat gumamit ng mabisang kontrasepsyon ang babaeng umiinom ng EFV at maaaring magbuntis. | | |

## lamivudine, 3TC *(Lamivir, Viramid, Zeffix)*

Isa itong antiretroviral (ARV) na ginagamit kakombinasyon ng iba pang mga ARV para panlunas sa AIDS. Kakaunti lamang ang side effects nito.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Tabletas**: 150 mg<br>**Oral solution**: 50 mg/5 ml | **Gaano karami at kailan?** | 150 mg, 2 beses bawat araw |

## nevirapine, NVP *(Neravir, Viramune, Nevimune)*

Isa itong antiretroviral (ARV) na ginagamit kakombinasyon ng iba pang mga ARV para panlunas sa AIDS. Ginagamit din ito para maiwasan ang pagpasa ng HIV ng nanay sa sanggol sa pagbubuntis at panganganak (p. 520).

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Tabletas**: 200 mg<br>**Oral suspension (likido)**: 50 mg bawat 5 ml | **Side effects** | **Magpatingin agad** kung magkaroon ng dilaw na mata, pamamantal o butlig sa balat, lagnat, pagkapagod kasabay ng kinakapos sa paghinga, kawalan ng ganang kumain. |
| **Gaano karami at kailan?** | **Para mabawasan ang tsansa ng side effects** sa pagsisimula ng NVP bilang bahagi ng ART na kombinasyon, gumamit ng kalahating dose lang sa unang 2 linggo—200 mg ng NVP minsan bawat araw. **Matapos ang 2 linggo**, uminom ng 200 mg ng NVP 2 beses bawat araw. | | |

## stavudine, d4T *(Stavir, Virostav, Zerit)*


Isa itong antiretroviral (ARV) na ginagamit kakombinasyon ng iba pang mga ARV para panlunas sa AIDS.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Anu-anong anyo ang gamot?** | **Kapsula**: 15 mg, 20 mg, 30 mg, 40 mg<br>**Powder para sa oral solution**: 5 mg bawat 5 ml | **Babala** | Mas mababang dose ang ginagamit kung mas mababa sa 60 kg ang timbang. |
| **Gaano karami at kailan?** | Kung lampas sa 60 kg, 40 mg 2 beses bawat araw.<br>Kung kulang sa 60 kg, 30 mg 2 beses bawat araw. | **Side effects** | Pakiramdam na nangingilo, namamanhid o napapaso sa kamay at paa. **Magpatingin agad** kung may matinding sakit sa tiyan, pagod na kasabay ng kinakapos sa paghinga, pagbabago sa taba ng katawan. |

## zidovudine, AZT, ZDV *(Antivir, Retrovir, T.O.Vir, T-ZA)*


Isa itong antiretroviral (ARV) na ginagamit kakombinasyon ng iba pang mga ARV para panlunas sa AIDS. Ginagamit din ito para maiwasan ang pagpasa ng HIV ng nanay sa sanggol sa pagbubuntis at panganganak (p. 520).

**Anu-anong anyo ang gamot?**



**Tabletas**: 300 mg
**Kapsula**: 100 mg, 250 mg
**Oral solution o syrup**: 50 mg/5 ml
**Solution para sa IV infusion injection**: 10 mg/ml sa 20 ml vial

**Gaano karami at kailan?**



300 mg 2 beses bawat araw

**Side effects**



Pagod at kinakapos sa paghinga. **Magpatingin agad** kung may pamumutla o anemya (tingnan ang mga palatandaan sa p. 116).

## *ARV para Pigilan ang Pagpasa ng HIV ng Nanay sa Sanggol*

**("Preventing Mother-To-Child Transmission" o PMTCT).** Nakakatulong ang ARV na pigilan o iwasan na mapasa ng nanay ang HIV papunta sa kanyang sanggol habang buntis o sa panganganak. Kung kailangang gamutin ang babae at naka-ART na siya, kailangan pa ring gamutin ang sanggol paglabas. Sa mga babaeng hindi pa kailangan ng ART o kung walang makuhang ART, kailangan pareho ng nanay at sanggol ng gamutan sa isang PMTCT Clinic.

Nevirapine

**O KAYA**

Nevirapine + Zidovudine

**O KAYA**

Nevirapine + Zidovudine + Lamivudine

Kailangan ng 3 gamot para sa pinakamahusay na pagpigil, pero minsan may 1 o 2 gamot lang na nakukuha. Posibleng may ibang kombinasyon ng ARV na ginagamit sa inyong lugar.

| Nevirapine | Zidovudine | Lamivudine |
|---|---|---|
| **Para sa nanay**: 200 mg isang beses lang sa simula ng paglabor | **Para sa nanay**: 300 mg 2 beses bawat araw, sa pinaka-maagang masisimulan matapos ang 28 linggo ng pagbubuntis, tuloy-tuloy sa pag-labor at 7 araw matapos manganak | **Para sa nanay**: 150 mg 2 beses bawat araw hanggang sa 7 araw matapos magsilang |
| **Para sa sanggol**: 2 mg/kg isang beses lang sa loob ng 72 oras matapos ipanganak | **Para sa sanggol**: 4 mg/kg 2 beses bawat araw sa 7 araw | **Para sa sanggol**: Wala para sa sanggol |

Kung may HIV ang nanay, dapat ding bigyan ang sanggol ng cotrimoxazole simula sa edad na 4–6 na linggo (tingnan sa p. 497). Matapos ang 18 buwan, dapat i-test para sa HIV ang sanggol. Kung negatibo ang test, puwede nang ihinto ang cotrimoxazole.

Isang bahagi lang ang mga gamot para mapigilan ang pagpasa ng HIV sa sanggol. Mahalaga rin ang ligtas na panganganak at maingat na pagpapakain (tingnan sa p. 293).

## *ART para Pigilan ang HIV mula sa Aksidenteng Pagkalantad sa Panganib o mula sa Panggagahasa ("Post-Exposure Prophylaxis" o PEP)*

Puwedeng magbigay ng ARV sa maikling panahon para mapigilan ang pagpasa ng HIV sa mga health worker at iba pa na aksidenteng nalantad sa panganib dahil sa dugo o likido ng katawan, at sa mga babaeng nagahasa at maaaring nalantad din sa panganib na magka-HIV.

Dapat simulan ang isa sa mga ART na kombinasyon na nasa pahina 518 sa loob ng 1–3 araw matapos ang pangyayari. (Baka may ibang mga gamot na rekomendado at nakukuha sa inyong lugar). Anuman ang gamitin, dapat inumin ang mga gamot ng 28 araw.

## INIINOM NA KONTRASEPTIBO (BIRTH CONTROL PILLS)

Karamihan ng kontraseptibong pildoras ay may 2 hormone na katulad ng mga hormone na normal na ginagawa ng katawan ng babae. Estrogen (ethinyl estradiol) at progestin (levonorgestrel) ang tawag sa mga hormone na ito. May iba't ibang dami ng bawat hormone at iba't ibang brand name ang mga pildoras. Nakalista ang ilang mga brand sa ilalim.

Kadalasan, pinakaligtas at pinakamahusay gumana ang mga pildoras na mas kaunti ang dami ng 2 hormone. May ganitong "low-dose" na pildoras sa Group 1, 2 at 3 sa ibaba.

**Group 1 - Triphasic na pildoras**

May mababang dose ng estrogen at progestin ang mga ito sa timpla na nagbabago sa loob ng isang buwan. Dahil nagbabago ang dose ng hormone, mahalaga na inumin ang mga pildoras sa takdang pagkakasunod-sunod.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Brand Name: | *Logynon* | *Trinordiol* | |

**Group 2 - Low dose na pildoras**

May mababang dose ng estrogen at progestin ang mga ito sa timpla na **hindi** nagbabago sa loob ng isang buwan. [Sa Pilipinas, ang 3 brand na ito ay may 20–30 micrograms ng estrogen na "ethinyl estradiol" at 75 micrograms ng progestin na "gestodene".]

| | | | |
|---|---|---|---|
| Brand Name: | *Gynera* | *Meliane* | *Minulet* |

**Group 3 - Low dose na pildoras**

May mataas na progestin (125–150 micrograms ng "levonorgestrel") at mababang estrogen (30 o 35 micrograms ng "ethinyl estradiol") ang mga pildoras na ito.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Brand Name: | *Charlize* | *Nordette* | *Seif* |
| | *Lady* | *Rigevidon 21 + 7* | *Trust Pill* |

Para matiyak ang bisa at mabawasan ang spotting (kaunting pagdurugo na hindi kasabay ng normal na regla), inumin ang pildoras sa parehong oras bawat araw, laluna sa mga pildoras na mababa ang hormone. Kung magpatuloy ang spotting matapos ang 3 o 4 na buwan, subukan ang isa sa mga produkto sa Group 3. Kung may spotting pa rin matapos ang 3 buwan, subukan ang produkto mula sa Group 4 (tingnan sa susunod na pahina).

Sa pangkalahatan, mas mahina ang regla ng mga babaeng gumagamit ng pildoras. Maaaring magandang bagay ito, laluna sa mga babaeng anemic. Pero kung hindi rereglahin ng ilang buwan, o kung nag-aalala sa napakahinang regla, puwedeng lumipat sa produktong nasa Group 4 na mas marami ang estrogen.

Para sa babaeng napakalakas ng regla o masakit ang suso bago magregla, maaaring mas mabuti ang pildoras na mababa sa estrogen pero mataas ang progestin. Nasa Group 3 ang mga ito.

Ang mga babaeng patuloy na may spotting o nawawalan ng regla kapag gumagamit ng brand mula sa Group 3, o nabuntis na dati habang gamit ang iba pang tipo ng pildoras, ay maaaring lumipat sa pildoras na mas marami nang kaunti ang estrogen. Nasa Group 4 ang mga "high dose" na pildoras na ito.

**Group 4 - High dose na pildoras**

Mas mataas ang estrogen ng mga pildoras na ito (50 microgram ng "ethinyl estradiol") at karamihan ay mas mataas din ang progestin.

Brand Name: *Femenal* *Nordiol 21*

Maaaring gustuhin ng mga babaeng nagpapasuso, o hindi dapat gumamit ng regular na pildoras dahil sa pananakit ng ulo o bahagyang altapresyon, na gumamit ng pildoras na progestin lang ang laman. Nasa Group 5 ang mga pildoras na ito at tinatawag ring "mini-pills" at POP.

**Group 5 - Progestin-only na pildoras**

Progestin lang ang laman ng mga pildoras na ito, na tinatawag ding "mini-pills" at POP.

Brand Name:

*Daphne*
*Exluton*

*Microlut* *Neogeston*
*Microval* *Ovrette*
*Neogest*

← **Maaari ding gamitin ang mga brand na ito para sa pang-emerhensyang kontrasepsyon—tingnan sa susunod na pahina. [Wala pa sa Pilipinas ang mga brand na may salungguhit.]**

Dapat gamitin ang mga progestin-only na pildoras sa parehong oras bawat araw, kahit sa panahon ng pagregla. Madalas hindi regular ang buwanang regla. Mas mataas din ang tsansa na mabuntis kung malimutan ang kahit isang pildoras.

## PANG-EMERHENSYANG KONTRASEPSYON (ECP, EMERGENCY CONTRACEPTIVE PILLS)

Puwede mong gamitin ang regular na kontraseptibong pildoras o ispesyel na emergency pills para mapigilan ang pagbubuntis sa loob ng 5 araw matapos ang pagtatalik na walang proteksyon. Nakabatay sa dami ng estrogen o progestin sa kada pildoras ang kabuuang bilang ng pildoras na kailangang inumin. Maraming brand ng mga pildoras, at ang ilang brand name ay ginagamit sa higit sa isang klase ng pildoras. Nakalista sa chart (sa susunod na pahina) ang ilang karaniwang brand para sa bawat klase ng pildoras. Tiyakin mo muna ang dami ng hormone sa pildoras bago mo gamitin sa emerhensya.

208
estrogen at progestin

226
mga pang-emerhensyang paraan ng pagpaplano ng pamilya

## *Paano gumamit ng pildoras para sa pang-emerhensyang kontrasepsyon*

| **Pildoras para sa pang-emerhensyang kontrasepsyon** | **Unang dose** | **Ikalawang dose** (paglipas ng 12 oras) |
|---|---|---|
| High-dose pills na may 50 microgram ethinyl estradiol (*Femenal, Nordiol 21*) | Uminom ng 2 pildoras | Uminom ng 2 pang pildoras |
| Low-dose pills na may 30 o 35 microgram ethynyl estradiol (*Charlize, Lady, Nordette, Rigevidon 21 + 7, Seif, Trust Pill*) | Uminom ng 4 pildoras | Uminom ng 4 pang pildoras |
| Low-dose pills na may 20 mcg ethinyl estradiol (<u>*Alesse*</u>, <u>*Lessina*</u>, <u>*Lutera*</u>) | Uminom ng 5 pildoras | Uminom ng 5 pang pildoras |
| Ispesyal na emergency pills na may ethinyl estradiol at levonorgestrel (<u>*Tetragynon*</u>) | Uminom ng 2 pildoras | Uminom ng 2 pang pildoras |
| Progestin-only pills (mini-pills) na may 75 mcg levonorgestrel (<u>*Ovrette*</u>, <u>*Neogest*</u>) | Uminom ng 40 pills, isang beses lang, **o kaya** 20 pills sa isang dose at 20 pang pills pagkalipas ng 12 oras | |
| Progestin-only pills (mini-pills) na may 30 mcg levonorgestrel (<u>*Microlut*</u>, <u>*Microval*</u>, <u>*Norgeston*</u>) | Uminom ng 50 pills, isang beses lang, **o kaya** 25 pills sa isang dose at 25 pang pills pagkalipas ng 12 oras | |
| Ispesyal na emergency pills na may 1,500 micrograms ng levonorgestrel (<u>*Postinor 1*</u>) | Uminom ng 1 pill, isang beses lang | |
| Ispesyal na emergency pills na may 750 micrograms ng levonorgestrel (<u>*Postinor*</u>, <u>*Postinor-2*</u>, <u>*Plan B*</u>, <u>*Pill 72*</u>, <u>*Post-Day*</u>) | Uminom ng 2 pills, isang beses lang | |

[Wala pa sa Pilipinas ang mga brand na may salungguhit.]

Sa pakete ng 28 na kombinasyong pildoras, gamitin ang alinman sa unang 21 pildoras para sa pang-emerhensyang kontrasepsyon. Huwag gamitin ang huling 7 pildoras [karaniwan iba ang kulay] sa 28-araw na pakete dahil walang hormone ang mga ito.

Mas kaunti ang side effects (pananakit ng ulo at pagkaduwal) ng progestin-only pills at ispesyal na pang-emerhensyang pildoras kumpara sa kombinasyong pildoras kung gagamitin sa emerhensya.

## IBA PANG MGA PARAAN NG PAGPAPLANO NG PAMILYA

### *Spermicide*

Ang spermicide ay mga foam, jelly at tableta na pinapasok sa puwerta para mapatay ang semilya at mapigilan ang pagbubuntis. Huwag gumamit ng spermicide kung may HIV/AIDS o kung maraming iba't ibang katalik. Dahil nakakairita ang kemikal ng spermicide sa dingding ng puwerta, maaaring magkaroon ng maliliit na punit na magpapadali sa HIV na makapanuot papunta sa daluyan ng dugo.

**Kontraseptibong foam**

Pinapasok ito sa puwerta gamit ang ispesyal na panlagay (applicator). Makakapatay ng semilya ang foam sa loob ng 1–2 oras. Dapat maglagay ng bagong foam (1 buong applicator) tuwing makikipagtalik. Mas mahusay pumigil sa pagbubuntis ang foam kaysa sa insert, jelly o cream, at napakaepektibo kung isasabay sa condom.

**Kontraseptibong insert** (*Neo Sampoon*)

Isa itong tabletang may spermicide na ipinapasok ng babae sa kaloob-looban ng puwerta, malapit sa cervix. Kailangang ipasok ito 10–15 minuto bago makipagtalik, at gumagana ng hanggang isang oras. Medyo epektibong kontraseptibo ito kung gagamiting mag-isa, at napaka-epektibo kung isasabay sa condom. Gumamit ng isa sa bawat pagtatalik.

**Kontraseptibong jelly at cream**

Pinakamabisa ang jelly at cream kung ikokombinasyon sa diaphragm. Hindi nito nasasakop nang mabuti ang puwerta kumpara sa foam o insert. Pinapasok ito sa puwerta gamit ang panlagay (applicator) at pumapatay ng semilya nang hindi bababa sa 1 oras. Kung ikokombina sa diaphragm, gagana ito sa loob ng 6–8 oras. Para sa dagdag pang proteksyon sa pagbubuntis at pagpigil ng mga INP (impeksyon na naihahawa sa pagtatalik) o HIV, gumamit din ng condom.

### *Pagtatalik na Hindi Pinapasok ang Ari ng Lalaki sa Babae*

Marami ring paraan ng pagtatalik na hindi nagreresulta sa pagbubuntis. Ang oral sex (bibig sa ari) at sekwal na paghipo (paghimas sa ari o iba pang bahagi ng katawan) ay mga sekswal na aktibidad na gusto ng maraming magpartner. Mababa ang panganib ng mga ito na magpasa ng HIV/AIDS at iba pang INP, at hindi nagbubunga ng pagbubuntis (tingnan ang p. 187–188). Hindi rin nagbubunga ng pagbubuntis ang pagtatalik sa puwit, pero madaling maipasa ang HIV/AIDS at iba pang INP sa ganitong aktibidad.

Pinakatiyak na paraan ng pagpigil sa pagbubuntis ang pag-iwas sa lahat ng sexual intercourse (pagpasok ng titi ng lalaki sa puwerta ng babae). Magandang paraan din ito na mapababa ang panganib ng HIV/AIDS at iba pang INP. Maaaring mahirap gawin sa matagal na panahon ang pag-iwas sa sexual intercourse.